# *Ang Diyos Ay May Isang Daan Na Inihanda*

Magandang umaga, mga kaibigan. Tayo'y nagagalak na makaparito sa umagang ito, sa tabernakulo, uli, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, para makapag-ministeryo sa Kanyang mga hirang, sa pamamagitan ng nasusulat na Salita't sa pananalangin para sa mga maysakit. Medyo nahuli lang po, ako, ng—ng dating.

2 At lubos nga akong nagagalak na makaparito at makita ang magandang araw na ito, lahat kayo na mga naparito para paglingkuran ang Panginoon. Ako'y. . .Hindi po ba't kayo man ay nagagalak na may sapat kayong kalakasan na makaparito sa simbahan, ngayong umagang ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Napakarami pong mga tao ang di makapunta. Tumatawag lang sila sa telepono mula sa kanilang bahay, sa buong takbo ng isang araw, at nakikipamalita sa mga tao. Haya't binabalitaan sila, sinasabi, "Buweno, itong Linggo ng umagang ito nanalangin kami para sa mga maysakit sa may tabernakulo." Yung mga taong ito na tumawag, hayan nga't, di nga sila makakilos nang mga ilang taon na rin. Isipin n'yo nga 'yun, na, kayo rito ay may pagkakataon na makaparito sa araw na ito. Isa ngang pinagpalang pagkakataon ang makaparito!

3 Alam n'yo, may isang matandang kasabihan na nabasa ko minsan, ang sabi, "Ako'y panay reklamo na wala man lang akong sapatos hanggang sa makakita ako ng isang tao na wala siyang mga paa." Haya't, ganoon nga. Kung titingin kayo sa paligid, mayroon at mayroon laging iba na mas mahirap ang kalagayan kumpara sa inyo. Kaya isa 'yang. . .

4 Pero ang isipin, na sa umagang ito, na higit sa lahat ng mga bagay ay mayroon tayong mapagmahal na Tagapagligtas, na nagmamahal sa atin at nagmamalasakit sa atin, at batid natin na itong malaki't mabigat na gawain na pinagdadaanan natin, at ang mga panahon at mga kapaguran na dinadanas natin, ay negatibong bahagi lamang ng paglalakbay na ito. At darating nga ang araw na tatanggap tayo ng isang katawan na di na nagkakasakit, at di na tumatanda. Wala na ngang. . .At di na nga tayo magkakawalay-walay pa sa isa't isa. Palagi na tayong magkakasama.

5 Gustung-gusto ko nga ang mga pagbubuklod. Bawat isa, sa tingin ko naman, lalo na ang mga Cristiano, ay gustung-gusto ang pakikipagbuklod. At ang isipin ang kahanga-hanga nating pagbubuklod na ito! At, heto nga, na darating ang araw na tayo

nga'y magkakasama, na di na natin kailangan pang lumayo, na di na natin kailangan pa mismong magkalayo-layo. Di na tayo mag-aalala kung ang mga anak ba nati'y baka maaksidente sila o kung ano ba, haya't. . . Wala na ngang ganoon. Magiging. . . di na natin kailangang alalahanin kung saan kukunin ang ating kakainin; lagi na itong nakahain at nakahanda para sa atin. At di po ba't kahanga-hanga talaga ito? Doon sa maluwalhating panahon na 'yun na parating. At 'yan ang dahilan kung bakit may mga simbahan tayo, at—at anupa't ang Espiritu Santo'y narito mismo sa dakong ito ngayon, na—na inaanyayahan ang mga tao patungo sa puso ng Diyos, para ihanda sila sa oras na 'yun. Sila nga na desididong magpasya na mismo ngayon, para sa ibayong 'yun, ang mga magtatamasa ng mga pagpapalang 'yun nang Mapasawalang Hanggan.

6 At naniniwala ako na kung may sinuman dito, sa araw na ito ngayon, na di pa nakagagawa ng ganoong uri ng desisyon na paglingkuran ang Panginoong Jesus, na heto na nga ang araw na nararapat lamang na gawin n'yo na 'yun. At, mula sa araw na 'yan, mabibilang na kayo sa malaking pagsasama na ito ng mga mananampalataya, at uusad na patungo sa katagumpayan. Darating ang araw na magwawakas na rin ito.

7 Kapatid na Fleeman, sa palagay ko may—may—may upuan pa rito, baka gusto mong diyan pumuwesto ngayon, puwede ka marahil maupo riyan. Heto ang isang upuan dito. Tayo. . . ang atin pong tabernakulo ay maliit, wala tayong sapat na espasyo para sa mga tao. Pero, sa kabila n'yan, ang lahat ng narito ng mga Biyernes ng gabi, ay kalimitan nating dinadala rito, at sila nga'y pinadadako rito kung saan puwede silang maipanalangin dito sa tabernakulo ng—ng mga Linggo ng umaga.

8 At ang mundo, tunay nga na heto po sa atin ang mundo na lipos ng sakit, napakaraming tao, sakit, problema, kagipitan. Pero, gaya nga ng sinasabi natin, darating ang isang panahon na ito'y tuluyang mapaparam. Di po ba't kahanga-hanga kapag dumating ang panahon na di na natin kailangang manalangin pa para sa mga maysakit, di na natin kailangang manalangin para sa isang makasalanan? Tapos na kasi ang lahat, ang lahat ay pumaram na, sa isang dakilang panahon ng pagkalimot na ito, at pagkatapos tayo'y mabubuhay na kasama Niya.

9 Ngayon, alam po natin na medyo siksikan dito sa loob. At gusto naman naming—naming maging kumportable sana kayo, pero di po namin magawa. Kaya ipanalangin na lamang natin na ang mabuti nating, makalangit na Ama'y panabikin po kayo nang husto sa inyong puso, sa Kanyang Presensya, na di po maging alintana sa inyo ang kalagayan dito na siksikan ang inyong pagkakaupo habang patuloy ang gawain. Kayo nawa'y maging kumportable sa Kanya!

10 At ngayon, sa araw na ito, tayo po'y mag-aaral mula sa Salita sa ilang sandali, at pagkatapos ay mananalangin para sa mga maysakit at nangangailangan. Una sa lahat, ang akin pong pagmiministeryo. . . Haya't di po ako maituturing na isang—isang tagapagturo, mula sa Salita ng Diyos, at kung tutuusin nga'y wala akong ganoong karaming nalalaman patungkol sa Kanyang Aklat. Pero, gaya nga ng lagi kong sinasabi, kilala ko nang lubos ang May Akda. At 'yun po ang mahalaga. Ibig ko—ibig ko Siyang makilala.

11 Ang makilala Siya ay Buhay. At ako'y—ako'y may Buhay sa pamamagitan ng pagkilala sa Kanya; Walang Hanggang, Buhay na magpakailanman na di kailan maaaring mamatay. Ito nga'y magpakailanman. Ibinibigay ng Diyos ang Kanyang kaloob ng Buhay na Walang Hanggan, at Ito'y may bisa magpakailanman. Hinding-hindi Ito pumaparam, at hinding-hindi tumatanda ni nalalanta kailanman. Yang katawan n'yo ay tatanda at tatanda balang araw, habang kayo'y nabubuhay. Pero 'yang kaluluwa n'yo, 'yang espiritu n'yo, ay hinding-hindi tumatanda.

12 May nakilala po akong isang matanda minsan, na higit na sa sandaang taon ang edad, at ang sabi'y sila'y Cristiano na mula pa noong pitong taong gulang sila. At sabi ko, "Kapatid, kumusta, kumusta naman po kayo ngayon?"

13 "Oh," sabi niya, "Kapatid na Branham, Siya nga'y mas lalo pang tumatamis nang tumatamis sa paglipas ng mga taon." Mga nasa sandaan at apat, o limang, taon na po yata.

14 At naisip ko, "'Nananatili pa ring matamis sa paglipas ng mga taon,' sa halos siyamnapu't pito, siyamnapu't walong taon, ng paglilingkod sa Panginoon, at Siya'y mas lalo pa mismong tumatamis." Nakikinita ko nga, na sa patuloy na pag-usad ng mga panahon, Siya pa rin ay painam nang painam sa lahat ng panahon; kapag babalikan nati't titingnan natin ang kalagayan natin kung saan dinala't itinawid tayo ng Diyos, at kung saan dinala't pinalalabas tayo, at kung saan dinala't ipinasok tayo.

15 Ang buhay Cristiano ay isang—isang paglalakbay. Isa po itong paglalakbay rito, at tayo'y dumadaan lamang sa lupaing ito. At di po tayo—di po tayo mananatili rito, alam n'yo 'yan. Hayan po't maraming pagkakataon na magtatayo tayo ng isang bahay, sinasabi natin, "Buweno, ang pamilya ko't ako'y pipirmi rito." Pero, gaano, gaano pong katagal? Kita n'yo? Di n'yo po alam. At sa tuwina'y gustung-gusto nating makakuha ng isang dako kung saan masasabi natin, "Ito'y amin na talaga, amin na amin na." Pero hindi nga 'yan dito, sa lupa. Wala nga tayong ganyang dako dito sa lupa.

16 Pero may isang bagay nga sa inyo na tumatawag para sa dakong 'yun. At bago nga magkaroon ng bagay diyan sa loob n'yo na tumatawag sa dakong 'yun, 'yung dako na 'yun ay kailangan munang nariyan na mismo't may ganoon talaga, o

kung hindi'y wala sanang bagay diyan sa loob n'yo na tatawag at mananabik sa dako na 'yun. Ang kalaliman ay di tatawag sa Kalaliman hanggang sa may Kalaliman na sasagot doon. Kaya kinakailangan talagang may isang bagay doon sa kaibuturan, na tumatawag sa dakong 'yun, bago. . . Kinakailangang may Dako muna, ang ibig kong sabihin, na batayan ng pagtawag na ito sa kailaliman na tawagin Ito, at pagkatapos ay heto na nga itong bagay sa loob dito na nananabik doon.

17 Ngayon nakikita ko rito ang ilan sa aking mga kaibigan na nakasama ko sa paglaki, siyanga, na kasama natin ngayon dito. At iniisip ko nga, mga ilang taon pa lang ang nakararaan, heto nga't mga maliliit na mga batang paslit pa lamang na naglalaro ng holen-holen dito sa may kalsada, at nagpapaikot ng trumpo, nagkakabayo-kabayuhan, at ngayon ay mga kalalakihang edad media na. At heto rin na napapansin ko ang mga tatay nila, dalawa o tatlo, ang nakaupo rito sa umagang ito, na, oh, nung sila'y mga bata pa't, mga kalalakihang maitim pa ang buhok, at ngayon sila'y nakaupo rito na nangangatog na't matanda na. At tayo man ay hahantong at hahantong sa kalagayan na 'yan na nangangatog at matanda na. Hayan nga't isa-isa po, tayo po'y nakikidaan lamang, na mga manlalakbay at mga taga-ibang bayan, na dumadaan lamang. Ngayon, ang pinagpalang bagay nga rito, ay. . .

18 May kausap po akong kabataang binibini kanina lang, na ang binibini pong ito'y dumaranas ng sakit na pagka-nerbiyos, at itong sakit na ito ng pagka-nerbiyos. Ako. . . Binanggit niya kung papaano raw niya 'yun nilalabanan. Ngayon, malayo po sa pagiging Christian Science o Unitarian. Di po ako—di po ako naniniwala sa ganyang bagay na mas malakas dapat ang isipan kaysa sa pisikal na bagay. Naniniwala po ako na ang Diyos ay tagapagpagaling. Ngayon, ako po. . . Yun pong binibini ay ipinanganak siya na may ganoon nang sakit na pagka-nerbiyos. Ang nanay at tatay niya'y namatay nung siya'y bata pa lamang, nung sanggol pa lang, at nung palakihin nga siya, haya't kung saan-saan na lamang siya pinagpapasa-pasahan, at di nga siya nagkaroon ng hustong pagmamahal at pag-aaruga na dapat sana'y ibinibigay sa isang sanggol.

19 Alam n'yo, nanay, gusto ko pong sabihin sa iyo ang isang bagay. Alam ko na may maliit na anak na lalaki ako riyan sa likod, at siya nga'y masyadong napapamihasa sa aruga, pero mas pipiliin ko ngang maging ganoon siya. Naniniwala kasi ako na mas lalaki siya na maging isang mainam na lalaki, kung loloobin ng Diyos na siya'y mabuhay, kaysa sa hayaan lang siya na bahala na't magsisigaw at mag-iiyak, at maapektuhan niya ang munti niyang sarili.

20 Pakinggan n'yo, mga ilang taon na ang nakalilipas, may ilang karaniwang modernong mga albularyo na ang sabi nila, sige, "Hayaan n'yo lang na mag-iiyak ang sanggol. Huwag n'yo siyang

kargahin. Kahit na—kahit na ganoon ang nangyayari, huwag n'yong hayaang galawin siya ni lola." At alam n'yo ba kung ano ang idinulot nila? Nakikita n'yo po ba kung ano? Isa pong kabataan na delingkuwente, mga may problema sa pag-iisip.

21 Nilikha ng Diyos ang sanggol upang mahalin. Kaya Siya'y lumikha ng isang nanay para mahalin ang isang sanggol. Yan nga ang dahilan kung bakit tayo'y—tayo'y—tayo'y kinakailangan na manatili sa ganito. Ginawa ito ng Diyos na maging ganoon. At anumang oras na sirain n'yo ang programa ng Diyos, itatak n'yo sa isipan n'yo na kayo'y mali at sa tuwina'y palaging mali, hangga't sumisira kayo sa programa ng Diyos. Sundin n'yo ang programa ng Diyos. Gawin n'yo 'yun sa paraan na sinabi rito ng Diyos. Ngayon, ang tanging paraan lang upang ang bagay na 'yun ay mapaging . . .

22 Gaya na lang, na ipinanganak kayo na isang makasalanan. At ang tanging paraan para ikaw ay maging iba't di na isang makasalanan, kinakailangan mo ng panibagong kapanganakan. Kinakailangan mong maipanganak na isang Cristiano. Yamang ipinanganak ka na isang makasalanan, haya't kinakailangan mong maipanganak na isang Cristiano. At kinakailangan nga na maganap ang isang bagay diyan sa kaibuturan mo.

23 At 'yan na 'yan rin ang siya ring bagay na kinakailangang maganap sa Makalangit na pagpapagaling. Kinakailangan nga na may bagay na dapat maganap, di lang 'yung idinulot lang ng kung anong gawa-gawa lang sa isip o emosyon. Kinakailangan mismo ng isang bagay na aktuwal na mangyayari, at alam n'yo na ito nga'y tunay na nangyari. Kita n'yo? Di lang basta, "Oh, buweno, sisikapin kong isipin ito sa *ganitong* paraan, at aralin ito sa *ganoong* paraan." Hindi nga 'yan uubra. Kinakailangan na may isang bagay na aktuwal na mangyayari.

24 Ngayon, sa araw na ito, hetong inaasahan natin ang ilang mga ambulansya na maglululan ng ilang tao na dalhin dito, sa ilang sandali, na darating dito lulan ng eroplano. At nais nating dumako sa isa munang aralin sa umagang ito, para po sa mga narito, na may sakit at nangangailangan, patungkol sa paksa ng Makalangit na kagalingan, nang sa gayon ang inyo pong pananampalataya ay maitatag sa Makalangit na kagalingan, para malaman n'yo mismo kung ano ba talaga ito, at malaman n'yo kung ano ang inyong gagawin, kung papaano ba gumawa ng mga paghahanda na—na maihanda n'yo ang inyong sarili sa inyong kagalingan.

25 Ilan po ang nakabasa ng *Christian Life*, sa buwan na ito? Nabasa n'yo na po ba, 'yung *Christian Life* magasin? Sa tingin ko . . . Di po pala, pasensya na po. Ngayong buwan ko lang 'yun natanggap, pero matagal na po 'yung naipadala sa akin. May nabanggit po roong kilalang doktor sa Illinois, na tinanong ng katanungang ito, "Ano naman ang masasabi mo sa Makalangit

na pagpapagaling?" Sana po pala'y nadala ko 'yun, ngayong umaga. At sabi niya roon, "Mayroon ba talagang ganoon?" Haya't tinanong nila siya, "Mayroon bang ganoong bagay na sinasabing Makalangit na pagpapagaling?"

26 Sabi niya, "Oo naman." At kung di ri't ipinaliwanag 'yun nung doktor nang sakto sa paraan ng pagpapaliwanag ko! Na halimbawang maputol ko itong kamay ko, na ito nga'y di na bubuo ng tisyu; gamot.

27 Iniisip natin—iniisip natin na ang gamot ay mainam. At di natin dapat sabihing, "Huwag n'yong gamitin 'yan." Dahil, ito nga'y isang bagay na . . . Katulad na lang, na di ko sasabihin na, "Huwag kayong gumamit ng sabon para hugasan ang mga kamay ninyo." Isa nga po 'yung kemikal. Pero, kung tutuusin din naman, di talaga nakakapagpagaling ang gamot. Naglilinis lang itong gamot, samantalang ang Diyos ang gumagawa ng pagpapagaling.

28 Di mo nga magagawa na pagkatapos mong maiayos 'yang braso mo, at maski 'yung Doktor nga'y di siya makapapasok at matapos na maiayos niya 'yang braso mo, sasabihin, "Ngayon magaling na ito." Ang ginawa lamang niya'y isinaayos niya 'yang braso mo, at aalis na't hahayaan na mismo ang Diyos na pagalingin ito para sa inyo. Sa ganoon lamang na paraan ito maisasagawa.

29 Buweno, ngayon, ganoon din po ito sa pag-inom ng gamot. Pero, wala namang problema sa gamot, wala pong problema kung ipapaayos mo 'yang braso mo kung nabali ito, pero ang Diyos mismo ang nagpapagaling. Buweno, ngayon, ito po'y . . .

30 Dito nga sa pagpapagaling na ito, kinakailangan mo mismo ng pananampalataya. Ang tawag nga rito'y pagpapagaling sa pamamagitan ng pananampalataya. At sabi nga nung doktor na 'yun, "Buweno, may ganoon ngang bagay na sinasabing mga himala." Sabi niya, "At saksi mismo ako rito, maraming beses na." Isa po siyang kilalang tagapag-opera. Sabi niya, "Marami ngang beses . . ." Sabi niya, "Ngayon, pagdating dun sa mga grupo na di kumikilala sa Dugo, na sinasabi nilang sa ganang sariling gawa lamang 'yun ng tao, o—o parang ganoon sa mga Unitarian, at kung ano pa," sabi, "Sadya ngang di ko gustong magkaroon ng kinalaman sa bagay na 'yan. Pero," sabi, "Ako nga'y naniniwala, at may kabatiran, na ang Dugo ni Jesus Cristo ay lubos na sapat para pagalingin ang anumang sakit." Kita n'yo? Ngayon, ito nga'y nagmumula kay Cristo. Ang kagalingan ay nanggagaling mula kay Cristo, lamang. At lahat ng 'yun ay galing . . . Kung ang pagbabagong-loob mo . . .

31 Ngayon, nakakita na ako ng mga tao na nagkukunwari lang, na ang sabi, "Buweno, ngayon magbubuklat na ako ng panibagong pahina. Bagong taon na. Sisikapin ko na gumawa ng mas mainam sa taon na ito kaysa sa nagawa ko nung isang

taon." Pero, masusumpungan mo nga, na di 'yun umuubra. At ganoon din ito maging sa mga tao na nagbabaka-sakali lang sa kagalingan nila nang paganoon; di nga 'yun umuubra. Di 'yun nagtatagal.

32 Pero kapag ang isang lalaki o isang babae'y makalapit kay Cristo, na may ganap na isinukong puso, at mananampalataya, hanggang (sa sila'y) mayroon nang ganap na bagay na mabago sa kalooban nila, ang tao ngang 'yun ay may Walang Hanggang Buhay.

33 At ganoon din ito sa Makalangit na kagalingan. Kapag ang isang tao'y lalapit kay Cristo, sa batayan ng pananampalataya na ang nabubong Dugo ni Cristo'y para sa kanyang kagalingan, "Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay tayo'y gumaling," at tatanggapin 'yun, hanggang sa may isang bagay na mangyari sa kanyang puso, na magsasabi, "Tunay nga. Gagaling ako." Sinasabi ko nga sa inyo, wala ngang anuman ang makapipigil sa kanila na gumaling. Sila'y gagaling at gagaling. Tama.

34 Di mo nga kailangang sabihin pa sa isang tao na tumigil na siya sa pagkakasala matapos na siya'y maipanganak nang muli. Iyon nga'y ganap na titigil, nang kusa.

35 Buweno, ganoon din 'yun dito, na di mo na kailangan pang sabihin sa mga tao, "Ngayon sige po't magpatuloy lang kayo sa paghawak," matapos na mapagaling na sila. Sila nga'y . . . May kung ano nang bagay sa kaibuturan nila ang naganap. At di nga ito mula sa labas papasok; ito'y mula sa loob papalabas. Ito nga'y magaganap muna *rito*, una sa lahat. Lubos mo nga itong sasampalatayanan. At pagkatapos, mula roon papalabas, ito nga'y kikilos na.

36 At, heto nga, na nasaksihan ko na mismo ito na nangyayari nang kusang-loob, na nagdudulot ng maraming kahanga-hanga na mga himala.

37 Ngayon, bago tayo dumako sa Salita ng Diyos, sa paksa na ito, atin po munang iyuko ang ating mga ulo pansumandali para sa isang pananalangin. At bawat isa, sa inyong sariling kaparaanan, atin pong katagpuin ang Panginoon.

38 Kay buti-buti naming, Makalangit na Ama, kami po'y dumudulog sa Iyo, nang may lubos na pagpapakumbaba, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na Iyong minamahal na Anak. Kami po'y dumudulog sa Kanyang Pangalan dahil inanyayahan Niya kami na gawin 'yun, na sinasabi, "Anuman ang hilingin mo sa Ama sa Pangalan Ko, Akin itong gagawin." Kaya naman, kung aming mailalagay ang Kanyang Pangalan, alam namin na makakausap at makakausap namin ang Diyos, at ang dalangin na ito'y dadalhin diretso sa Kanya mismo.

39 At, Ama, kami'y nasa lubhang pangangailangan, ngayon, sa katugunan ng panalanging ito. At dumudulog kami, matapos ang isang gabi ng pananalangin at pagsasaalang-alang, ng pag-

aaral ng Salita, na idinudulog kung ano ang Iyong ibig ipasabi sa umagang ito, sa mga malapit nang mamatay, na mga taong may mga sakit. Nalalamang ito'y napaka taimtim na tungkulin, at kami nga'y magsusulit, balang araw, para sa katapatan ng amin pong pamamahala sa pamana ng Diyos.

40 Kaya naman, dumudulog kami na may pagpapakumbaba, nananampalataya, na may mga pusong nakayuko sa Iyo, na nagsasabi, "Diyos, Ikaw po'y mahabag sa amin sa araw na ito. Iyo pong patawarin kami sa bawat pagkakasala, Panginoon." Nawa'y ang puso na ito, ng mga taong naparito sa araw na ito, ay puspusang malinis nang husto, na ang Espiritu Santo ay kumilos sa isang kahanga-hangang paraan, na kukunin ang Kanyang Salita at dadalhin Ito patungo sa bawat puso. At ang bawat di-mananampalataya nawa, sa araw na ito, ay maging tunay na anak ng Diyos, maipanganak na muli. At ang bawat isa rito na maysakit ay nawa'y mapagaling ngayon. Ipagkaloob nawa ng Espiritu Santo sa amin ang pananampalataya na 'yun na abot hanggang sa kataasan na umakyat ito lampas sa bawat anino at bawat ulap, manghawakan sa Diyos at dalhin Siya sa aming harapan, o kami po pala'y dalhin sa Kanyang Presensya. Iyo pong iakyat kami sa ibabaw ng mga anino. Nawa'y walang kahit anong anino ang matira. Nawa'y madala naming lahat ang aming mga kaluluwa na maiugnay sa Diyos ngayon.

41 Ikaw po'y pumarito sa Iyong Salita, Panginoon. Iyong ipinangako na Iyong pagpapalain ang Iyong Salita saanman Ito maipangusap. At Iyo ring sinabi na Ito'y di babalik sa Iyo na di nagbunga, bagkus gaganapin Nito ang bagay na nilayon para Rito. At, Ama, Ikaw ang nagsugo ng Salita! Ngayon, kunin nawa ng Espiritu Santo ang Salita ngayon at pumasok mismo nang dire-diretso sa mga puso ng mga tao, at magtatag doon ng isang pananampalataya na di natitinag, Panginoon, na ang mga maysakit at mga nabibigatang lubha ay gumaling. Iyo pong iligtas ang mga naliligaw. Iyo pong pagkalooban ng karanasan ang mga wala pa nito. Iyo pong ikubli kami sa likod ni Cristo, Panginoon. At Iyong itulot, na lahat nitong mga pangungusap namin, at pangangaral, at pagpapatotoo, ano't anupaman ang mangyari, nawa'y ang lahat ng ito'y sa pamamagitan ni Cristo, sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

42 Sa tuwing iniisip ko ang Kanyang kabutihan! Ngayon, heto po ang isang pamilyar na teksto. Buong gabi, para ngang ako nga'y. . . Kahit na nung nakahiga na ako, haya't di ko po maalis ang teksto na ito sa aking isipan. Lagi nga—nga itong narito sa aking isipan. Gayong, makailang ulit ko na itong natalakay. Haya't nananatili pa rin sa aking isipan. At ngayon, sa tulong ng Diyos, nais ko pong mangusap nang kaunti, di ko alam kung ano, o ako ma'y nakapaghanda ng isang salita rito, o ano. Di po tayo nangangaral na galing sa mga tala. Kung ano lang talaga

ang sabihin ng Panginoon, at magsisimula't titigil, at sisikapin, sa tuwing. . . sa Kanyang hudyat.

43 Dito po sa Aklat ng Genesis, sa ika-22 kabanata at sa ika-7 talata, mababasa natin ito. Sa ika-7 at ika-8 talata, para sa ilang bahagi lamang na teksto.

> *At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinasabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi niya, Narito ang apoy at ang kahoy: nguni't saan naroon ang korderong para* sa *handog na susunugin?*
>
> *At sinabi ni Abraham, Anak ko, ang Dios ang maghahanda ng korderong para* sa *handog na susunugin: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama.*

44 Ngayon, ang binasang Salita, isang pamilyar na pamilyar nang teksto, pero nais ko pong kunin bilang paksa, kung loobin ng Diyos, para sa kaunting sandali na ito: *Ang Diyos Ay May Isang Daan Na Inihanda.*

45 Ngayon, mga daang-bayan, ang kagawaran ng mga daang-bayan, sila'y naglaan ng daang-bayan para kayo'y makadako sa Jeffersonville, saan man kayo nanggaling, para sa gawain na ito sa umagang ito. Mayroon kayo. . . Siya'y may inihandang daang-bayan. Ang kinakailangan mo lang gawin ay tugaygayin ang daang-bayan na ito. Kumuha ng mapa, sundan ang daang-bayan. Napakadali po. Saan man n'yo gustong pumunta rito sa Estados Unidos, haya't kumuha lang ng mapa na itinuturo ang mga daan.

46 Ang Diyos nga'y may mapa na nakaturo patungo sa ating kagalingan, sa kaligtasan, at isang mapa na nakaturo patungo sa Kaluwalhatian. Lahat nga'y tumutugaygay patungo Roon. At habang tinutugaygay natin itong dakilang, matandang daan na ito, kung nangangailangan tayo ng isang—isang dako para sa kagalingan. . . Mapapansin n'yo, doon sa mapa, may maliliit na mga himpilan na nakalagay sa buong gilid ng daan, kung saan ang Panginoon ay naglaan sa atin ng isang dako para sa kagalingan. May mga ministro Siya rito sa buong kabuoan na ito ng daan, na may. . . nananampalataya sa Makalangit na pagpapagaling, at sila'y nananalangin para sa mga may sakit at sa mga nangangailangan.

47 Katulad na lang nung manlalakbay na pinatumba, siya'y galing ng Jerico, galing ng Jerusalem at patungong Jerico, at siya'y sinaklolohan nila't dinala sa isang panuluyan, sa isang munting lugar na 'yun na inihanda. At sila'y nagbuhos ng ilang langis, at nagbigay ng ilang salapi, at siya'y gumaling. At ang sabi ng Panginoon, o sinabi nung lalaki, ang ibig kong sabihin, "Kung may kailangan pang ilang bagay-bagay maliban pa rito, sige't—sige't aasikasuhin ko, sa pagdako ko uli rito, sa susunod

kong paglalakbay." Kaya, nalalaman nga natin na ang Diyos ay may daan talaga na inihanda.

48 Dito nga sa tauhan na ito na si Abraham, sa umagang ito, na ipinapangusap, o kinukunan ng kaisipan na pagbabatayan. Siya, sa aking palagay, ay isa sa pinaka katangi-tangi sa lahat ng mga tauhan sa Biblia, at isa sa pinaka paborito kong mga tauhan na ipinapangusap sa mga tao bilang halimbawa.

49 Ngayon sa Mga Hebreo sa ika-11 kabanata, o sa ika-12 kabanata, dito sa unang talata, ang sabi rito:

> . . .*yamang*. . .*nakukubkob tayo ng* napaka kapal *na bilang ng mga saksi, itabi namang walang liwag ang bawa't* pagkakasala, *at ang—ang*. . .*pasan, at ang pagkakasalang*. . .*pumipigil sa atin*,. . .

50 Ngayon, nalalaman natin na ang kasalanan ay tumutukoy sa iisang bagay, at ito nga'y, ang di pagsampalataya. Isa po ang tinutukoy ritong pagkakasala. Mga kasalanan. . .Isa ka ngang makasalanan dahil isa kang di-mananampalataya. Isa kang Cristiano dahil nananampalataya ka. Di nga ibig sabihin nito, ngayon, na minsan, o. . .Makailang beses ko nang nababanggit, na, ang paninigarilyo, ang pag-inom ng alak, ang pagsusugal, at pangangalunya, pagsisinungaling, ay di 'yan ang kasalanan. Yan ang mga bunga ng di-pananampalataya. Yan mismo ang ibinubunga ng di-pananampalataya. Yan ang dahilan kung bakit ginagawa mo ito, ay dahil isa kang di mananampalataya. Pero kapag naging mananampalataya ka na, haya't ang lahat ng mga bagay na ito'y nalalagas palayo, at isa na itong bagong buhay ng pagsampalataya, at nagbubunga na ito ng katuwiran, kapayapaan, kagalakan, pag-ibig, pagpapahinuhod, kabutihan, katiyagaan, kaamuan. Yan nga ang mga bunga, dahil isa kang mananampalataya. Ngayon, ang Diyos. . .Nagawa n'yo na bang huminto para bulayin. . .

51 Ngayon, sa kaunting sandali lang po, tayo po'y tumunghay nang diretso sa Kasulatan. At gustung-gusto ko Ito, dahil Ito'y ang daan ng Diyos. Ito'y katuwiran ng Diyos.

52 At lahat ng mga bagay na ito na nangyari noon sa Lumang Tipan ay isang halimbawa ng kung ano bang mangyayari sa atin kung gagawin natin ang siya ring bagay, at ang daan na kanilang tinahak. Sinabi ng Biblia na natakasan nila ang talim ng tabak, nagawa nila ang lahat ng iba't ibang bagay na ito, maski ang mga patay nila'y ibinangon. At sasabihin n'yo, "Pero ang mga 'yan ay dun sa panahon noon ng Biblia." Samantalang 'yan mismo ang nangyayari ngayon. Panahon pa rin mismo ng Biblia sa ngayon. Mula nang dumating dito ang Espiritu Santo, tuluy-tuloy na panahon pa rin ito ng Biblia. Di tayo tumigil dun. Gayong, alam natin na tayo'y uusigin sa mga bagay na ito, at 'yung mga tao na di naniniwala ay tutuyain ito, manlilibak. Sila man noon ay nakaranas nang ganoon, din.

53 Pero darating nga ang araw, kapag ang buhay na ito rito'y tapos na, ang kuwento na 'yun ay isasaysay doon sa ibayo sa Kaluwalhatian, kapag ang awit ng pagtutubos ay inaawit na. Oh, halos nakikinita ko nga ang panahon na si Jesus ay dadako rito sa lupa, at ang mga tinubos ay magsisitayo sa Kanyang Presensya, na ang mga kamay ay nakataas, inaawit mismo ang kuwento na ito, "Tinubos sa pamamagitan ng biyaya!" Sa panahon na 'yan na ang mga Anghel ay tatayo rin sa isang bilog sa palibot ng mundo, na ang mga ulo'y nakatungo, na di nalalaman ang ating ipinapangusap. Sila kasi'y di nakaranas na kailangan silang matubos. Kayo at ako ang kinakailangan ng pagtutubos. Kayo at ako ang kinamatayan ni Cristo. Yan ang dahilan kung bakit maaawit natin "Biyayang nagtutubos!" Ang Anghel ay walang kaalam-alam tungkol dito; di kasi siya nakaranas na bumagsak. Grabeng maluwalhating panahon nga 'yun! Oh, grabe!

54 Kapag naiisip ko, na lahat ng mga kulubot sa katawan na ito'y mababanat; lahat ng mga puting buhok ay mawawala; ang hukot na balikat ay tutuwid; "Grabe, tingnan n'yo itong bagay na ginawa Niya para sa akin." Sa pagsaysay nitong biyayang nagtutubos, maririnig at maririnig n'yo mismo ang tinig ko, alam ko na maririnig n'yo. Hindi lang ang tinig ko, kundi ang bawat isa, maririnig at maririnig n'yo ang kanilang tinig na inaawit ang kuwento na ito, "Biyayang nagtutubos," kung papaano Niya tayo tinubos. At ngayon ang narito pa lang sa atin ay ang mga katangian nito. Sa ngayon ay nasa atin pa lang ang paunang bayad, ang pauna na nagpapatotoo rito. Darating ang araw na matatanggap natin ang buong bayad.

55 Si Jesus ay di naparito sa lupa at namatay nang walang saysay. Si Jesus ay di kailanman nagbaka-sakali, na magpunta sa lupa. Hinding-hindi 'yun ginawa ni Jesus. Hindi pinatatakbo ng Diyos ang kanyang tanggapan ng pagkilos sa Langit nang katulad nun, na bahala na lang. Si Jesus ay naparito sa lupa para mamatay na may layunin talaga, at di lang 'yung bahala na't kung mayroon bang tatanggap. Ang Diyos, bago pa itatag ang sanlibutan, ay itinakda na . . . paunang nakita na ang buong kabuoan nito. Naniniwala ba kayo roon? Paunang nakita na ito! Sa pamamagitan ng paunang kaalaman ay Kanyang nakita na ito mismo.

56 Kaya naman, batid na Niya noon pa man na may Iglesyang tatawagin palabas, na walang bahid o kulubot. At mayroon at mayroon talagang paghahanda na inilaan para mailigtas ang Iglesya na 'yun, kaya ipinadala Niya si Jesus. Hindi lang 'yung "bahala na't may mangilan-ngilan naman sigurong maliligtas," bagkus nalalaman Niya mismo kung sinu-sino ang tatanggap. Siya nga'y may inilaan nang mga tao na tatawagin palabas, at kayo ang mga ito. Siya'y mayroon na talagang mga tao na sila'y sasampalataya sa Makalangit na kagalingan, na tatanggap sa mga latay para sa kanilang kagalingan, at kayo nga ang mga

ito. Alam na ’yun mismo ng Diyos. Alam din Niya na mayroon at mayroong lilitaw na mga di mananampalataya. Mayroon na noon pa man. Alam Niya na di sila mananampalataya. Alam na Niya ’yun sa una pa lang, kaya naman magagawa Niya na pauna nang sabihin na magkakaganoon nga.

57 At nalalaman din Niya na mayroon at mayroong ilan na mananampalataya talaga rito, kaya ipinadala Niya si Jesus para dun sa mga ito na sasampalataya rito. At heto nga sila ngayon, na nagkatipun-tipon dito, sa isang dako rito, para tanggapin ang bagay na pauna nang nalalaman ng Diyos na mangyayari. Ang Diyos ay gumawa na ng paghahanda para sa kanila na mananampalataya, at kayo’y bahagi ng paghahanda na ’yun. Paunang nalalaman na ng Diyos, bago pa man mabuo ang sanlibutan, na ang mga araw na ito ay darating, ’yan nga ang dahilan at nagagawa Niyang paunang sabihin ito. Alam na Niya sa una pa lang, at Siya’y gumawa ng paghahanda para sa kanila na tatanggap dito.

58 At kayo ang mga taong ’yun, sa umagang ito, na sumadya rito para maipanalangin, na dahilan kung bakit ginawa ang paghahanda na ito. Alam na ng Diyos doon sa una pa lang. Oh, grabe! Tunay ngang pinaaantig nito ang mga emosyon ng ating mga kaluluwa.

59 Kagaya na lang ng mapapansin n’yo sa Espiritu Santo, sa tuwing kukunin Niya ang Salita’t ilalatag Ito sa kongregasyon, pansinin n’yo ang emosyon ng mga tagapakinig. Alam n’yo ba kung anong gagawin ko kapag ganoon? Alam ko nga na ang Presensya ng Diyos ay nasa loob ng gusali. Kapag nakikita n’yo ang daan, haya’t ang epekto, na kumikilos Ito sa mga tao, kapag nakikita n’yo mismo ang Salita; ang Diyos ito na gumagawa ng mga paghahanda’t naglalaan.

60 Ang mismong bagay na ipinunta n’yo sa tabernakulo, sa umagang ito, paunang nakita na ’yun ng Diyos at inilagay na sa kaayusan, na magagawa mong tanggapin ang mismong bagay na inyong ipinunta para matanggap sa umagang ito. Amen. Nakikita n’yo ba ito? Kita n’yo, ang lahat ng mga bagay ay itinakda na sa kanilang pagkakaayos. Ang tanging bagay na kinakailangan na lang nating gawin ay tanggapin ito ngayon. Ipinadala na ito ng Diyos. Narito na ito mismo. Ngayon, ang tanging bagay na natitira na lamang nating dapat gawin ay manindigan at tanggapin ito.

61 Ngayon kinakailangan nga itong maipakita sa inyo kung papaano nga ba Ito dapat tanggapin, kung papaano ba aabot at sasapuhin ito. At kapag nakuha n’yo na ito, hayan nga’t alam n’yo na narito talaga ito. Wala ngang makabubura nun; di nga ito mabubura. Di ito kailanman mababago.

62 Pansinin, nagbibigay ang Diyos ng halimbawa sa atin dito, si Abraham at ang kanyang munting anak na lalaking si Isaac.

Binubulay ko nga ’yung mga naglaong panahon na si Abraham ay isa pa noong ordinaryong tao. Di nga siya higit sa kung sino pa mang ibang lalaki. Siya marahil . . .

63 Ang tatay niya’y isang sumasamba sa mga diyus-diyosan, nagtungo roon sa lupaing ’yun ng Caldeo, at sa bayan ng Ur, nanggaling ng Babilonia, kung saan sumasamba sila roon sa mga ugat ng mga punongkahoy. At may parang babae sila roon, at ang babaing ito’y parang diyus-diyosang babae’t lahat na, na itinatag ni—ni Nimrod. At doon nga sa dakong ’yun unang itinatag ang pagsamba sa mga diyus-diyosan, sa Babilonia. At ang mga tao noon ay watak-watak. At ang ginawa ng Babilonia ay tinipon sila na maging isang grupo, na parang may isang pinaka pinuno, o isang malaking organisasyon.

64 Pero heto nga si Abraham na lumabas sa grupong ’yun na lumaganap; ang kanyang ama. Pinakasalan niya ang kapatid niya sa ama, at nagtungo roon, pero . . . at tumira sa mga—mga libis, sa libis ng Shinar. At doon ay kinausap siya ng Diyos, sa edad niya na animnapu- . . . o pitumpu’t limang taon, at siya’y pinangakuan ng isang Makalangit na kagalingan. At ang asawa niyang, si Sarah, ay animnapu’t limang taong gulang na noon. At pinangakuan na sa pamamagitan ng pananampalataya niya, sa Diyos, na hetong ang Diyos ay magpapamalas ng Makalangit na kagalingan kay Sarah. Amen.

65 Napakagandang tagpo! Namumukod-tangi talaga! Ganoon na lamang, na ’yun nga’y, kung mapapansin n’yo, ’yun nga’y sa tuwina ay dahil sa pananampalataya ni Abraham! Maging si Sarah ay nagduda, at nagawa pa ngang tumawa, at tumutol pa sa Diyos Mismo, sa isang bagay, na Siya’y kanyang tinawanan pa nga. Pero ang Diyos, sa pamamagitan ng kapangyarihan Niya, ay di maaaring umatras sa Kanyang pangako.

66 Oh, kung makikita n’yo lamang ’yun, mga kaibigan na may sakit, na may bagay nga na napipintong mangyari. Sadya nga ’yung mangyayari. Nakabatay nga ito sa pananampalataya n’yo sa Diyos.

67 Ngayon, sinabi ng Diyos kay Abraham na Kanya nga ’yung gagawin, at naghanda ng daan, para maganap ’yun. Sinuman dito na lampas na ang edad, o sinuman na nasa edad disi na’y alam ito, na ang bagay na ’yun ay tunay ngang namumukod-tangi . . . na may isang bagay nga na napipinto nang mangyari. Pero bago ’yun gawin ng Diyos, o bago ipinangako ’yun, Siya’y gumawa muna ng isang paghahanda para sa bagay na ’yun bago Siya nagbitaw ng pangako. At mangyayari’t mangyayari talaga ’yun.

68 Sa mga taong nakaupo rito sa umagang ito, na may kanser, sakit sa puso, bulag; kinakailangan nga ’yun na maging isang pagkilos ng isang Sobrenatural para maipangyari ’yun.

69 Kinakailangan ngang isa ’yung pagkilos ng sobrenatural, na noong Linggo ng umaga, nung nakaraang Linggo ng umaga, na ang binibining ’yun ay maibangon mula sa banig na ’yun na nakalatag dito. Durog ang mga bukong-bukong, at sclerosis, na di nga magawa nung babae na maibalot ang kanyang sarili ng balabal; na sa loob ng labing-limang minuto, ay nagagawa na niyang ibalot sa kanya. May mga paghahanda ngang inilaan. Nakikita n’yo ba? Oh, napaka maluwalhati ngang bagay!

70 May mga paghahanda ngang inilaan. Alam na ng Diyos noong una pa lang na isusugo Niya si Abraham, at hinayaan lang Niya si Abraham na umabot ng pitumpu’t limang taon, para magpakita ng isang himala, na si Sarah ay makasama sa paglalakbay. At puwede naman Niyang gawin na mangusap sa kanila sana nung sila’y nasa labing-walo o dalawampung taong gulang pa lang, pero hinayaan nga Niya na umabot sa isang punto na ito’y magiging isang himala.

71 Gusto ng Diyos na ipakita ang Kanyang Kapangyarihan. Di naman dahil sa kailangan Niya ’yung gawin; pero heto nga na gusto Niyang gawin ’yun. Ito nga’y, nakalulugod sa Kanya, na sa Kanyang sukdulang kapangyarihan, ay ipaalam sa Kanyang mga lingkod kung Sino Siya. Ako nga’y lubos na nagagalak para rito, dahil ipinakita Niya ang Kanyang kapangyarihan sa akin. Kadalasan, kapag ipinapakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan, kahit na ano pa ang isip-isipin ng mga tao patungkol dito, ang mga tao’y may pagtugon at pagtugon sa tuwina. Inihahanda nun ang kanilang mga puso. Inihahanda sila nun. Inihahanda sila nun na magtumibay at humanda para manghawakan na panibago.

72 Hayan nga ang mga tao na di naniniwala sa Makalangit na kagalingan, at sa pagpapamalas ng mga himala, di na nga nakapagtatakang naghihingalo na ang ating mga kaiglesyahan. Di na nga nakapagtatakang nagsisilantaan sila na sila’y mga grupo na na di kumikilala sa Dugo. Di na nga nakapagtataka na laganap na laganap na sa panahon ngayon ang Ebanghelyo ng pakikipaglipunan, dahil nga rito sa ating mga seminaryo, at lahat na, na iniitsa-puwera natin ang lahat ng mga kamangha-manghang kababalaghan mula sa Diyos.

73 Ang Diyos Mismo’y kamangha-manghang kababalaghan. Siya Mismo ang Manlilikha. Siya si Jehovah. Siya ang dakilang Realidad. Siya mismo ang Sangkap ng lahat ng mga bagay na nilikha sa lupa, na Kanyang nilikha. At ipinapamalas Niya ang Kapangyarihan Niya sa pamamagitan ng pagpapasinag sa araw bawat umaga, sa pamamagitan ng pagpapadala ng Kanyang ulan, sa pamamagitan ng paglalagay ng mga bahaghari Niya. Bumababa sa Kanyang mga lingkod, at pinagagaling ang mga karamdaman nila’t inililigtas sila mula sa mga pagkakasala nila. Amen.

74 Ang mismong salitang, "Diyos," Siya Mismo, ang ibig sabihin ng salitang *Diyos* ay "pinaglalaanan ng pagsamba." At sinasamba natin Siya dahil Siya . . . Sa Kanyang kadakilaan, ay inilatag Niya ang mga bagay na ito sa harapan natin, at hetong nakikita natin ang mga ito na nariyan mismo sa harap ng mga mata natin. Sadya ngang napaka dakila na paglingkuran Siya! Ganoon na lamang na pauna na Niyang nalalaman ang mga bagay-bagay na ito at inilalagay ang mga ito sa ayos!

75 Marahil, ngayon, masasabi n'yo, "Kapatid na Branham, isa naman akong Cristiano. Papaanong dumating ang bagay na ito sa akin? Bakit ako nasadlak sa ganitong uri ng kalagayan?"

76 Buweno, marahil ginawa lang ng Diyos ang ginawa Niya noon kina Abraham at Sarah. Hayan nga't, si Sarah siguro ay kasal na noon, marahil, kay Abraham noong dalagita pa lang siya na disi ang edad. Si Abraham, marahil noong panahon na 'yun ay nasa kanyang kabataang lalaki na mga higit beinte na ang edad. May sampung taong pagitan sila sa kanilang edad. Marahil disi-sais si Sarah at si Abraham nama'y beinte-sais. Hayan nga't maaari naman Niyang wikain sana sa kanila, sasabihin, "Ngayon, kayo nga'y magkakaroon ng anak ngayon sa inyong kabataan. At sige't maaari n'yong mahalin na ang inyong anak na sanggol ngayon pa lang habang bata-bata pa kayo, at maaliw kayo rito nang lubos. At palalakihin n'yo ang bata, at ito'y magiging tipo ng Tagapagligtas na parating," at kung ano pa. Maaari naman Niyang ginawa na sana 'yun noon. Pero gustung-gusto ng Diyos na gumawa ng mga himala. Oh! Paumanhin po. Pero hayan po't ang mapagkilala ang bagay na Kanyang ginawa!

77 Pinagmamasdan ko ngayon ang mga mukha ng mga tao rito, nakikita ko ang isang babaing nakaupo rito na malapit na noong mamatay dahil sa kanser at siya nga'y—siya nga'y wala na noon at diba't anino na lang nung babae, at siya nga'y nasa punto na noon na parang liliban na siya. Pero heto siya ngayon na nakaupo, ngayong umaga, na malusog, malakas, mamula-mula ang mga pisngi.

78 Heto ring nakaupo rito sa harapang mga upuan ang isang kabataang binibini. Kau-kausap ko lang siya, kanina, siya'y nasa pinaka malubha na noong yugto ng pagkalulong sa alak. At heto siya ngayon, wala nang maaaninag na pagkalulong sa kanya; siya'y kalugud-lugod at kapita-pitagan na.

79 Tumanaw nga ako riyan sa likod at nakita ko ang isang babae sa likod na bulag noon, at heto siya sa umagang ito, na ni salamin ay wala na siyang suot sa kanyang mga mata.

80 Oh, ang Diyos nga ito na gumagawa ng daan, at ginawa Niya 'yun doon sa Kalbaryo. Doon nga'y, ang ating mga pag-asa'y itinatag na sa wala nang iba pa kundi sa Dugo ni Jesus na may taglay na katuwiran. Oh, ganoon na lamang ang paggawa Niya

roon! Para bang di na ’yun masusumpungan, pero Kanya pa ring ginawa. At ginagawa Niya ’yun para sa Ikaluluwalhati Niya. At gumawa na Siya noon ng paghahanda para rito.

81 Kung dadalhin mo nga ang inyong anak sa isang salo-salo na halimbawa’y ganoon, hindi ba’t paghahandaan mo siya at kukuha ka mismo ng maisusuot niyang bestida, at kung ano pa, o ng munting amerikana, kung ano ba ang bata, lalaki o babae? Sadya ngang maghahanda ka para roon.

82 Kung tatanggap ka ng mga kasamahan, hindi ba’t. . .para sa hapunan, hindi ba’t unang-una sa lahat ay maghahanda ka ng maihahain mong hapunan? Hayan nga’t, pinaghahandaan mo mismo ang mga bagay na ito. Pinaghahandaan mo na ang mga magaganda’t mabubuting bagay na ito para sa hinaharap, na maibibigay mo sa mga tao. Hindi ba’t gustung-gusto n’yong tanggapin ang mga tao nang may pagkalugod? Hindi ba’t gusto n’yong sa paglabas n’yo ay haya’t magdadala kayo ng mga tao sa bahay n’yo at patutuluyin sila nang malugod? Sisiguraduhin mo na nakapaglinis ka, na naayos mo na ang lahat. Ikaw—ikaw nga’y maglalagay pa nga ng mumunting bulaklak sa gawi *rito*, “Magugustuhan ng mga bisita ito.” At tapos may aayusin kang munting bagay *rito*, “Ngayon, sa tingin ko, sila. . .Kanila nga itong magugustuhan,” at kaya aayusin mo ’yun nang paganoon, na haya’t pinaghahandaan mo talaga. “At alam ko na paborito nila ’yung karne kung ganito ang pagkakaluto,” at kaya naman ipreprepara mo ’yung karne na ganoon ang anghang at kainam. Dahil, at kung sakali rin namang sa palagay mo’y may ibang gagawa dapat nun, kukuha ka ng ibang tao para magpunta dun at gawin ’yun, na magagawa ’yun nang maayos. Gumagawa ka nga ng paghahanda, ng paghahanda para sa isang bagay, dahil gusto mong ang mga bisita mo’y malugod sila nang lubos.

83 Ang Diyos, sa iba’t ibang panahon, ninais Niya na ang mga anak Niya’y magkamit ng pinaka mainam, kaya gumawa Siya ng mga paghahanda. Pauna na Niyang ipinakita ’yun noon sa pamamagitan ng mga propeta. Inihayag Niya ’yun kay Cristo. At ang hapag ay nakahanda na ngayon. At bawat lalaki at babaing naimbitahan, ay may paanyaya nang lumapit dito sa Hapag na ito, “Sapagkat Siya’y nasugatan dahil sa ating mga pagsuway, at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay tayo’y nagsigaling.” Lahat ng mga ito’y pauna nang naipakita! Pauna nang inilaan, at inihanda. Ang pagkain ay nakahanda na. Ang pagtawag ay ipinanawagan na. Pauna na Niyang nakita ito. Siya’y gumawa ng mga paghahanda. Ito nga ang inihandang daan ng Diyos para sa inyo, sa panahon na gutom ang inyong mga kaluluwa.

84 May isang binibini ang nagsabi sa akin, nitong umaga lang, ang sabi, “Pumasok ako sa isa sa mga pagtitipon, nakita ko ang mga tao na kay sasaya nila.” Sabi, “Hindi ako masaya. At tapos tumingin ako sa kanila, at sabi ko, ‘Tunay na may kung anong bagay silang taglay. Sana’y mayroon din ako nun.’”

Tunay nga, na ang Hapag ay inihanda na para sa kaawa-awang, gutom na kaluluwa. At bago matapos ang gawain, kumakain siya mula sa siya ring Hapag na 'yun. Oh! Bakit? [Sinasabi ng isang kapatid na babae, "Kapatid na Branham, ako po 'yun."—Pat.] Oo't—oo't siyanga. ["At ngayon—ngayon ako'y masaya na po ngayon."] Amen.

85 Manlalasing, halos maduling ang mga mata sa kalasingan, sukdulan ang pagkalulong sa alak, sinukuan na siya ng mga doktor; heto siya ngayon, may kasiyahan, nagagalak. At 'yun nga'y dalawang taon na mismo ang nakararaan, sa palagay ko. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tatlong taon."—Pat.] Tatlong taon na ang nakararaan. At, tingnan n'yo nga't, heto pa rin siya na nananatili pa rin.

86 Kung dudulog ka nga sa Hapag na 'yun, nang minsan, at ipupuwesto mo ang mga paa mo sa ilalim nun, hinding-hindi ka na nga aalis mula roon. Ganoon na lamang 'yung kadakila! Ang sanlibutan ay walang kahit anong bagay na maitutumbas dun. Ganoon na lamang na kahanga-hanga ang mapagkilala ang Kanyang pag-ibig para sa iyo. Ang Diyos, gumagawa ng mga paghahanda!

87 Ngayon ang sabi Niya, "Hahayaan Ko si Abraham. . . At sa halip na tawagin siya ngayon, na beinte-sais siya, at si Sarah nama'y disi-sais, hihintayin Ko muna hanggang sa tumanda na sila. Hahayaan Kong lumampas si Sarah ng menopause. Oh, kadalasan ay nangyayari 'yun sa edad na kuwarenta, at tapos heto. . . kuwarenta, singkuwenta, sisenta. Palipasin muna ang dalawampu't limang taon, pagkatapos ay tatawagin ko na siya. At hahayaan kong si Abraham ay umabot muna ng sitenta y singko, pagkatapos ay tatawagin ko siya."

88 Ngayon, heto na't ang sabi Niya, "Abraham, may gagawin Ako sa iyo na isang bagay." Sapat na 'yun, yamang ang Diyos mismo ang nagsabi na gagawin Niya 'yun.

89 Sabi ni Abraham, "Buweno, Panginoon, ako nga'y may kagalakan na tanggapin 'yun." At siya nga pagkatapos nun ay kumilos na parang kamit-kamit na niya 'yun. Amen. Ganoon nga dapat 'yun. Kung ang Diyos na mismo, di nga Niya. . . di nga Niya sasabihin ang isang bagay na 'yun maliban na Kanya na 'yung inihanda. Kung inihanda na Niya 'yun, katumbas na 'yun na parang natamo mo na 'yun.

90 Kung sasabihin ko sa inyo na bibigyan ko kayo ng puno ng encina, at sasabihin n'yo, "Sige po, Kapatid na Branham," heto nga ako na darating na may dala-dalang munting bunga ng encina't ibibigay 'yun sa iyo. Kamit mo na ang puno ng encina. Siyanga, ganoon 'yun. Nasa anyong-binhi pa nga lang. Pero inyo pong ilagay lang 'yun doon, itanim n'yo mismo sa lupa, magpapatubo 'yun mismo ng puno ng encina. Tunay.

Ganoon nga rin ito sa Salita. Ang Salita ay isang binhi.

91 Dumating ang Salita kay Abraham. Dumating ang Salita ng Diyos sa kanya, at sabi, "Abraham, pinili Kita." Nakukuha n'yo po ba? Oh, gustung-gusto ko 'yun! Hindi 'yung, "Pinili mo Ako," kundi, "Pinili Kita."

92 At bakit po kayo narito, sa umagang ito, na mga may sakit? Pinili kayo ng Diyos. Ang araw na ito ngayon ang araw n'yo na kayo'y mapagaling. "Pinili Ko kayo. Inihanda Ko na ang Aking hapunan. Tinatawag Ko kayo na pumasok. Ngayon, ang bawat isa sa inyo ay panauhin, at kayo'y nagsipasok. At inihanda Ko na ang lahat, at lahat ng mga masasarap na nakahanda't nasa ibabaw na ng hapag, at bawat isa sa inyo ay maaari nang kunin ito ngayon." Grabeng kagandang paanyaya! Ngayon, sinasabi ngayon ng Diyos, kung minsan . . .

93 Si Abraham, si Abraham nga'y walang pag-aalinlangan na ang sabi, "Salamat sa Iyo, Panginoon. Nagagalak ako na akin itong natanggap, itong pangako na ibinigay Mo sa akin. Dahil, heto nga ako, matanda na ako, at gustung-gusto ko na noon pa man na magkaroon ng mga anak. At heto po, na ako'y—ako'y matanda na, at ako po'y—ako po'y nananabik na matanggap ang pangako na ito."

94 Buweno, si Abraham ay kumilos, na para bang naniniwala siya na 'yung bata ay ipanganganak nung taon ding 'yun. Pero, alam n'yo ba, araw bawat araw, wala namang pinagbabago. At heto nga na nagpatuloy, araw bawat araw, tapos linggo bawat linggo, at taon bawat taon, at wala namang pinagbabago. Pero ang sabi nga ng Biblia . . .

95 Ngayon, kung kayo 'yan at ako, buweno, marahil . . . Di ko po sinasabi na kayo mismo 'yan at ako. Pero may ilang mga tao nga, na sasabihin nila, "Oh, naku! Ang Diyos, binigo ako ng Diyos. Hindi Niya tinupad ang Kanyang pangako." Pero tunay ngang tinutupad Niya ang Kanyang pangako.

96 "At si Abraham," sabi ng Biblia, "ay lumakas sa Diyos." Sa lahat ng mga panahon na 'yun na lumipas, mas lalo pa kanyong lumakas. Ngayon, siya'y pitumpu't lima. Ngayon sampung taon ang lumipas, siya'y walumpu't lima na.

97 Sampung taon! Isipin n'yo nga 'yun, kasinghaba nga 'yan nung nagpasimula akong mangaral sa mga pagtitipong ito, at sampung taon po ang lumipas; at walang nangyayari, mula sa unang tao na ipinanalangin ko, pero ibibigay ko pa rin sa Diyos ang papuri dahil mangyayari't mangyayari talaga 'yun. Bakit? Inihanda na kasi ito ng Diyos.

98 Ang Diyos nga'y hinding-hindi ka pangangakuan maliban na una sa lahat ay may deposito muna para rito. Hinding-hindi ka nga bibigyan ng isang maayos na tao ng tseke, kung wala namang pera sa bangko. Hinding-hindi nga 'yun gagawin ng isang taong matapat. Buweno, hinding-hindi nga ipagkakaloob sa inyo ng Diyos ang Kanyang tseke para sa inyong kaligtasan, o

kagalingan, maliban na may deposito muna para rito. Ang Diyos nga'y inihanda na ito.

99 Sinabi ng Diyos kay Abraham na siya'y magkakaroon ng anak. Yun na 'yun.

100 Sinabi Niya kay Noe. Sabi Niya, "Noe, nais Kong gawan Mo ako ng daong. Iyo itong gawin sa ikaliligtas ng iyong sambahayan; itong daong." At si Noe. . . Hindi po ba't napaka inam nun, na ang Diyos? Bago mangyari itong malalaking mga sakuna, ang Diyos ay nagbibigay sa tuwina ng isang babala at gumagawa ng daan para makaalpas. Kanya itong inihahanda na. Sabi Niya, "Ngayon, isang . . . Noe," tingnan n'yo po, "Nais Kong gumawa ka ng isang daong." Mangyari ring, wala naman silang gaanong katubigan noon sa lupa; mga mumunting mga bukal lang. Hindi pa rin kailanman umuulan. Walang ulan sa ibabaw ng mga himpapawid noong panahon na 'yun.

101 At ganoon na lamang na mukha ngang kabaliwan 'yun, sa karnal na isipan, sa panahon na ang Diyos ay magbibigay ng pangako sa tao, na ganoon na lamang na di 'yun maintindihan ng mundo. Hindi na nga kaila na kapag makatatanggap ka ng biyaya ng Diyos at maipanganak na muli, ikaw, ang mga tao nga'y iisipin nila na nababaliw ka. Sinasabi nila, "Ang tao na 'yan ay may kaunting sayad."

102 Nakita n'yo po, kumikilos kasi kayo sa pamamagitan ng pananampalataya. Oh, ang ganda! Gumagawa ka nga ng isang paghahanda para sa isang bagay na walang kaalam-alam ang mundo tungkol dito. Nabubuhay lang sila sa abot ng nakikita nila. Pero tayo nga'y nabubuhay sa pamamagitan ng mga bagay na di natin nakikita, na sinasampalatayanan natin, na totoo ang sinabi ng Diyos. Ang pananampalataya nga'y di tumitingin sa bagay na nakikita n'yo. Ang pananampalataya ay tumitingin mismo sa mga bagay na di n'yo nakikita.

103 Kaya naman dapat ay talagang masaya tayo sa umagang ito, siyanga, ang bawat isang narito na naghahanda para sa kagalingan n'yo. Siyanga. "Papaano ko 'yun gagawin? Di ko alam. Pero, ang Diyos ay may inihanda na para sa akin, ako nga'y dudulog na lang para . . . kunin 'yun. Ganoon lang. Ako nga'y mananatili sa saktong sinabi Niya na gagawin, at akin nga 'yung matatanggap." Kita n'yo? Dahil ito 'yung inilaang daan ng Diyos sa paggawa nun. Gumawa Siya ng paghahanda.

104 Ngayon, si Noe nga'y humayo na dun at nagsimulang gawin na 'yung daong. Hayan nga ang kabutihan ng Diyos sa kanya; sabi Niya, "Ngayon, Noe, may nagbabadya na isang parating na kaligaligan. At lahat ng wala rito sa loob ng daong na ito ay malulunod, kaya maghanda ka't pumasok sa daong na ito, at dalhin mo sa loob ang iyong pamilya. Ipagsabi mo sa lahat. Ang lahat ay inaanyayahan na pumasok, pero sigurado Akong hindi nila 'yun gagawin. Pero ikaw nga'y sige lang—ikaw nga'y sige

lang at gumawa—gumawa ng paghahanda para sa kanila, ano't anuman. At heto nga ang daong, at gawin mo ang daong na ito. At bawat isa na nagnanais na makapasok, sila'y makakapasok at maliligtas." Kaya humayo na si Noe, itinayo na 'yun.

105 Tulad n'yo, ngayon, na itinatayo ang sarili n'yong patotoo. Hetong kayo nga'y nagtatayo ng espirituwal na daong, para sa ikaliligtas ng sarili n'yong kaluluwa, para sa inyong patotoo, at para sa kaluwalhatian ng Diyos.

106 Ngayon sila nga dun noon ay itinatayo na itong daong, at 'yung mga tao roon ay napapadaan at tinatawanan at nililibak siya. At ang sabi pa nila, "Naku, nabalitaan n'yo na ba 'yung lalaki na 'yun na sinasabi niyang may mga tubig-tubig daw na babagsak? Saan naman manggagaling 'yun? Aba't, di maaaring may tubig dun sa itaas na 'yun. Tingnan n'yo, may nakikita ba kayong kahit na anong tubig dun? Haya't asul na asul lang na langit. Buweno, heto tayo na nabubuhay rito nang maraming mga taon na, pero wala namang tubig. Papaano 'yun darating? Wala ngang tubig doon sa itaas, tapos sasabihin ng lalaking ito, 'Ang buong mundo ay mababalutan ng tubig.' Buweno, ang lalaki ngang 'yun ay may kaunting sayad na yata rito sa itaas niya. May kung anong dipirensya siya sa kanyang pag-iisip."

107 Pero bakit nga niya 'yun ginawa? Bakit siya gumawa ng mga paghahanda? Para matugunan ang paghahanda ng Diyos? Ang Diyos nga'y naghahanda para puksain ang mga kaaway na nakatira noon sa lupa, at si Noe ay kinailangan na gumawa ng isang daan para makapaghanda ng isang bagay na masasakyan kapag nangyari na 'yun.

108 At ganoon din ito sa panahon ngayon. Gumawa ang Diyos ng daan para puksain ang kanser. Gumawa ang Diyos ng daan para alisin ang pagkabulag na 'yun sa kanilang mga mata. Ang Diyos ay gumawa ng daan. At ano ba ang sinisikap natin na gawin sa Salita na ito, sa umagang ito? Ay, ang gumawa mismo ng isang bagay na masasakyan n'yo patungo, sa katagumpayan n'yo. Salita ng Diyos, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, kita n'yo, nakasakay kayo mismo sa Kanyang Salita. "Sinabi na mismo ng Diyos!"

109 Matapos ang ilang panahon, nung handa na ang Diyos para papangyarihin ang bagay na 'yun, ang ulan nga'y naroon na sa itaas. At nung handa na ang Diyos para papangyarihin 'yun, siyanga namang naroon 'yun sa tuwina. Kita n'yo? Ang Diyos ay gumagawa ng Kanyang daan, matapos na gumawa Siya ng paghahanda. Siyanga.

110 Ganoon din mismo ang ginawa Niya, niluwalhati Niya ang Kanyang Sarili sa mga binatilyong Hebreo. Gumawa Siya ng paghahanda. Kailan Niya 'yun ginawa? Hayan nga ang mga binatilyong Hebreo, na wala naman silang pangako. Di nga nila magagawa na bumaling dito't basahin 'yun sa Biblia, at heto

na sasabihin, "Panginoon, ipinangako Mo po sa Iyong Salita na sinuman sa Iyong mga anak na mapadadako sa nag-aapoy na hurno, Iyo silang ililigtas. Kaya naman, Panginoon, kami po'y susuong dun na pinanghahawakan namin ito." Buweno, di nga 'yun napakahirap na gawin; mananampalataya lang sila, dahil 'yun nga'y ipinangako na pala roon ng Diyos. Pero wala ngang ganun noon na ipinangako ang Diyos.

111 Pero, heto nga ang mga salitang pinanghahawakan nila. Ang Diyos nga'y ganoon na lamang na katotoo sa kanila; na sinabi nila, "Ang Diyos namin ay may kakayahang gumawa." Paano nga 'yan, sa mga tao na di naniniwala sa Makalangit na kagalingan? "Ang Diyos ay may kakayahan na iligtas kami, kahit pa sa mga nag-aapoy na hurnong ito, kaya naman hindi kami yuyuko sa mga imahe mo." At nung lumakad na sila roon sa nag-aapoy na hurno, sa simple't, purong pananampalataya, na ang Diyos ay may kakayahan; di nga sa isang pangako, pero sa batayang Siya ay may kakayahan. Ipinadala ng Diyos si Cristo sa nag-aapoy na hurnong 'yun, at pinaypayan ang apoy palayo sa kanila, at iningatan sila at inilabas sila. Tunay. Kaya naman, sinasabi ko, ang Diyos ay may kakayahang gumawa.

112 Ngayon di nga kayo lalapit, na sinasabi, "Ang Diyos ay may kakayahang gumawa," Di n'yo kailangang lumapit nang paganoon.

113 "Diyos, ipinangako Mo na ito! Amen! Iyo na itong inihanda sa Kalbaryo pa lang, at heto akong dumudulog para tanggapin ito. Heto nga ang Iyong paghahanda. Iyo na itong inilaan. At Iyo ngang ipinangako ito, at nakita ko ang iba na tinatanggap ito, kaya ako po'y dumudulog, din, Panginoon, para kunin ang bahagi ko nito." Kayo nga'y hahayo na iba nang tao. Hahayo kayo na may matatag nang angkla sa loob ng inyong kaluluwa, na wala nang kahit ano ang makaliliglig sa inyo. Alam mo na pinagaling ka na. Alam mo na isinaayos na ang bagay na ito ng Diyos para sa inyo, dahil Kanya itong ipinangako.

114 Siya nga'y nagbibigay ng mga pagsusulit at mga pagsubok kalakip ang mga pangakong ito. Siya, maraming pagkakataon, na Kanya 'yung ginawa.

115 At itinulot mismo ang mga binatilyong Hebreo na madama 'yung lahat nung tindi ng apoy na tumatama sa kanila.

116 Itinulot na marinig maging ni Daniel 'yung atungal ng leon, at marahil maging 'yun mainit na singhal nung mga leon sa balat niya. Hayun nga ang mga leon na 'yun, na ang mga bibig nila'y nakanganga, gutom, naroon sa hukay na 'yun. At ang mga leon nga'y dumamba patungo sa kanya, at may kasama pang malakas na atungal at ugong, na anupa't handa na silang sakmalin si Daniel. Bigla na lang, tinakpan siya nung Anghel. Amen! Umikot nang mabilis ang liwanag sa palibot ni Daniel.

Walang pasubali na ’yun nga ang Haliging Apoy na nanguna noon sa mga anak ni Israel.

117 Ang mga hayop nga’y takot sa apoy. Alam n’yo ’yan. Takot sila sa liwanag. Subukan mong magpaaninag ng liwanag sa mukha ng anumang hayop, anupa’t tatakbo ito.

118 At marahil ganoon na lamang na ang Diyos ay sumisinag, dahil ang Diyos ay nananangan sa kaliwanagan. Ang Diyos ang Apoy na tumutupok. At marahil, sa isang iglap, na walang nalalaman, sinabi niya, ano na kaya ang mangyayari. Haya’t itinapon na nila siya sa yungib ng mga leon. At pagkatapos ang Espiritu Santo nga’y naparoon, at ang mga leon ay nagsiatras at nahimlay. Papaano nga ’yun?

119 Di na nga nakapagtataka, na si San Agnamus, noong siya ay malapit nang mamatay, noon ngang lumapit siya sa krus at papatayin na nila siya noon. At kumaripas siya roon, niyakap ang krus at hinagkan ’yun, na heto ngang bubuhusan na nila siya ng mainit na alkitran na may kasamang balahibo ng ibon. At ang sabi niya, “Oh krus ni Cristo, ikinalulungkot ko nang mainam na may isa lang akong buhay na maibibigay sa Iyo. Sadya ngang ikinalulungkot ko na may isang buhay lang ako na magagawa kong maibigay sa Iyo.”

Sabi nila, “Hindi ka ba nagigimbal?”

120 Sabi niya, “Nagigimbal?” At itinali nila ang kanyang mga kamay doon sa may krus, binuhusan nila siya ng alkitran, at nagsaboy ng balahibo ng ibon sa buong katawan niya, naglagay ng bariles ng aspalto sa may ilalim. At isang tao ang sakay, sa kalesa, at initsa ang sulo na nag-apoy nang husto, at ito nga’y bumalot sa palibot niya. At matapos na magbunyi ang mga tao’t nagpasa ng kanilang bato, sa isa’t isa, na ibig sabihi’y nadispatsa na nila itong salot na ito, na isang mangangaral ng katuwiran, anong nangyari? Naubos na ang apoy, at ang banal na ’yun ay naroon pa ring nakakapit sa may krus, pinupuri at niluluwalhati ang Diyos. Naglaan ang Diyos ng daan para sa kanya para makaalpas, doon mismo sa gitna ng apoy. Siya’y naghanda ng daan. Bakit? Siya kasi’y umusad na may tapang, na walang pagkagimbal.

121 Ganoon dapat ang paglapit natin sa mga pangako ng Diyos. Dapat tayong lumapit nang may tapang para tanggapin ang mga ito. Hindi nga tayo lalapit, na nangangatog, na sasabihin, “Siguro gagaling ako. Siguro ako’y. . .Sa susunod na Linggo, siguro *ito’y* magiging *ganoon* na.” Hindi. Lumapit tayo na may kasiguraduhan sa ating puso, sabihin, “Diyos, sa pamamagitan ni Cristo, na naghanda ng daan, heto ako na tinatanggap ito.” Napakadali po kung tutunghay kayo at makikita n’yo kung ano ang pangakong inilaan, kung makikita n’yong ang Diyos mismo ang gumawa nung pangako. Kung ang Diyos kasi ang gumawa

nung pangako, ang Diyos ay may kakayahan na tuparin ang pangako Niyang ito.

122 Mangyaring 'yung isang banal na matandang nanay, nung nakaraang Linggo, ay nakaratay dun, at ang sabi ko, "Nanay, nananampalataya ka ba na tutuparin ng Diyos ang Kanyang pangako?"

123 Ang sabi niya, "Nang buong puso ko." Oh, grabe! Yun na 'yun. Yun nga ang nagpangyari nun.

124 Yun nga ang nagpangyari nun, dito di pa katagalan, noong naroon po ako sa Karlsruhe, Alemanya, noong ang anak kong lalaki't isa pang kasamahang lalaki ang nagpapapunta ng mga tao sa may pila para sa pananalangin. Lumapit nga roon ang isang munting, bulag, na batang babaing Aleman. Siya'y ganap na bulag. At di ko nga alam noon kung anong mayroon dun sa bata. Pinalapit lang nila ang bata. Yung munti ngang bata'y lumakad dun sa entablado; may umaalalay sa kanya. At siya nga'y may maliliit na paalon-alon, na hibla ng mga buhok na nakalaylay, nakatirintas; karaniwan, na munting, batang babae na Aleman; di pa siya nakakakita kailanman, sa buong buhay niya. At nung dalhin nila siya roon, di nga niya alam kung saan ba siya hahakbang. At inilagay niya ang mga bisig niya sa akin. Hayan nga't, suot ko ang siya ring amerikana na ito, na suot ko ngayon. Inilagay niya ang kanyang munting mga bisig sa akin. May ibinubulong siya na kung ano sa salitang Aleman; di ko alam kung ano po 'yun. Sabi ng interpreter . . . Sabi ko, "Anong sinasabi ng bata?"

125 Sabi, "Sabi nung bata, 'Kayo po ba ang kapatid na lalaking mananalangin para sa akin?'" Oh, grabe! Munting bata po lang na parang *ganito* lang kalaki, parang kasing laki lang ng munti kong Rebekah.

126 At sabi ko, "Oo, iha. Nanggaling pa ako ng Estados Unidos, para ipanalangin ka." Inilagay niya ang munti niyang . . . kanya ngang iniyakap ang munti niyang mga bisig sa akin, iniyuko ang munti niyang ulo sa balikat ko. Ganoong kapanatag, isang kasimplehan ng isang bata, ang Diyos ng Langit ay tunay na kikilos, sa kung anong paraan.

127 Mga ilang sandali lang, iminulat niya ang kanyang munting mga mata. Sabi niya, "Ito . . . Ano pong tawag n'yo riyan sa mga bagay na 'yan?"

"Mga ilaw."

128 Napatalon ang kanyang nanay at nagsisigaw, at nagtatakbo na natanggal pa ang kanyang mga sapatos, napatakbo paakyat ng entablado. Sabi niya, "Anak ko!"

Sabi niya, "Nanay, oh, napaka ganda n'yo po pala."

129 Bakit? Inihanda ng Kalbaryo, gumawa ng paghahanda para sa kagalingan ng kanyang mga mata. Tunay. Dumulog siya dun para tanggapin ang bagay na inihanda sa kanya ng Diyos.

130 Ang Diyos ay may inihanda para sa bawat isa. Nagbibigay ang Diyos ng kasiguraduhan. Marahil 'yang sakit n'yo ay para bang pabalik-balik. Marahil nasa inyo na 'yan ng ilang mga taon na, at naghihirap ka't naghihirap talaga. Naghihirap ka.

131 Si Abraham man ay naghirap. Noong tumungtong na siya, sa sandaang taong gulang, na halos, ang Diyos ay nagpakita sa kanya isang araw. At sabi Niya, "Abraham, Ako ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Lumakad ka sa harap Ko at ika'y magpakasakdal." Sandaang taong gulang na, halos sandaan na. "Lumakad ka sa harap Ko at magpakasakdal. Ako ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat." At kung hihimayin n'yo ang mga salita na 'yan. . .

132 Balang araw, marahil, gusto kong magkaroon ng rebaybal dito sa may tabernakulo, o dito sa Jeffersonville, na kukunin natin ang tolda nati't mga gamit para itayo 'yun sa isang dako, kung saan magagawa nating kunin ang mga salitang 'yun at himay-himaying maigi, mapakita kung ano bang ibig sabihin nung mga 'yun, 'yung pinaka ibig sabihin ng mga salitang 'yun.

133 Ang pinaka Makapangyarihan sa lahat, sa Hebreo, ay *El Shaddai,* na ang ibig sabihin, "dibdib," katulad sa isang babae. "Abraham, paririyan Ako sa iyo sa pangalang ito na Siya na Nadidibdiban, ang Tagapaggatas, ang—ang Tagapagbigay ng Buhay."

134 Katulad na lang ng isang maliit na sanggol kapag ito'y may sakit, alam n'yo, kinakarga ito ng nanay sa kanyang dibdib at pinagagatas ang sanggol. At ang munting sanggol nga'y di siya mapakali at umiiyak, at payat, pero kapag ang sanggol nga'y hihimlay dun at iinom ng gatas, haya't ito'y lalakas. Mula saan ba ginagatas ang buhay nito? Mula sa nanay.

135 At ang Diyos ay nagpapakita sa atin sa panahon ngayon, bilang El Shaddai, Siya na Nadidibdiban; dalawa 'yun, ang Bago at Lumang Tipan, na punung-puno ng mga pangako na kalakip doon. Hindi nga lang isang dibdib; kundi, "nadidibdiban," dalawa. Bakit? Namatay Siya para sa magkaakibat na dalawang layunin. Siya'y nasugatan dahil sa ating pagsuway; sa Kanyang mga latay, ang Diyos ay may inilaang daan para sa ating kagalingan. Kita n'yo? Isa para sa ating kaligtasan; isa naman para sa ating kagalingan. "Ako Siya na Nadidibdiban. Ako'y may dalawang saksi. Sa bibig ng dalawang saksi ay pagtitibayin ang bawat salita."

136 Sa Lumang Tipan, Siya ang *Jehovah-jireh*, "ang Panginoon na may laang hain." Siya ang *Jehovah-rapha*, "ang Panginoon na nagpagaling sa iyo." Sa Lumang Tipan, sa tambalan Niyang mga pangalan, Siya ang tagapagpagaling, ang Jehovah-rapha.

137 Sa Bagong Tipan, Siya naman si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang inilaan. Magagawa nga nating sipiin ito kapwa sa Lumang Tipan o sa Bagong Tipan, at paglakipin ito na magkaakibat. Yan ang dahilan, madalas, kung bakit tumutukoy ako sa Lumang Tipan, at dun ako kukuha ng teksto, dahil dadalhin ko 'yun sa Bagong Tipan, at paglalakipin 'yun at ilalahad sa inyo, na anupa't ito nga ang siya ring Diyos na nadidibdiban.

138 Ang siya ring Isa na 'yun na nagpatakas kay Daniel mula sa kamatayan, sa pamamagitan ng pagpapadala ng Anghel, ay ang siya ring Diyos na narito sa umagang ito. Ang siya ring Diyos, na nagbigay kay Bartimeong bulag ng kanyang paningin, na siyang nagpagaling din sa munting, batang babaing Aleman. Di Siya nabibigo. Siya ang Diyos, si Jehovah. Di Siya maaaring mabigo. Siya nga'y gumawa ng paghahanda. At Siya'y naglaan ng daan para sa bawat isa sa atin. Siya'y naglaan ng daan para makaalpas.

139 At sinabi Niya kay Abraham, "Ako Siya na Nadidibdiban. Ngayon, Abraham, ang tanging bagay na dapat mong gawin ay patuloy kang maggatas, maggatas."

140 At pansinin n'yo ang isang munting sanggol, kapag may sakit siya, kahit na gaano pa siyang may sakit. Ngayon, sa mga nanay po, alam n'yo ito. Kahit na gaano pang may sakit ang munting sanggol, basta't nakakagatas siya, siya'y napupunan. At kung minsan nga'y naghahanda kayo ng kaunting gatas na para sa kanya, kung siya'y naggagatas sa—sa botelya, at inyo ngang ihahanda ang kaunting gatas niyang ito at lalagyan n'yo 'yun ng mga bitamina.

141 Oh, ang ganda po! Alam n'yo, marahil tayong lahat ay mga sanggol na de botelya ng Diyos, marahil masasabi nga nating ganoon. At ang Diyos ay naghanda ng dalawang botelya, ang Bago at Lumang Tipan, at pinapatakan Niya 'yun ng mga bitamina't siksik ang mga 'yun. At sa panahon na kakapit tayo sa Kanya, na maggagatas tayo, di lang tayo napupunan, bagkus tayo'y pinagagaling pa, na 'yun ang kaakibat. Tamo-tamo natin ang espirituwal na mga bitamina. Pinatatatag nga tayo nun, pinalalakas tayo, nang pinalalakas. Mainam 'yun. May calcium 'yun para sa ating mga buto. Siyanga. May bitaminang B complex 'yun para sa mga ugat-ugat. Oh, sadya ngang siksik 'yun sa lahat ng ito. Ang buong aparador ng Diyos ng medisina ay ipinatak doon. Lahat ng 'yun ay nakalakip sa isang botelya, inilagay sa isang botelya, at binuksan Niya 'yun sa Kalbaryo.

142 Kaya naman, sa pamamagitan ng Kalbaryo, maaari nating maipanumbalik sa kasiglahan ang anumang mga pagpapala ng pagkatubos na ikinamatay ni Jesus. Yaong sibat, na simbolo ng pagkakasala na sa halip na tayo, tinusok ng sibat ang Kanyang tagiliran, ang Kanyang mga paa, ang Kanyang mga kamay,

ang Kanyang ulo. At, sa pamamagitan ng pagbubo ng Kanyang buhay, tayo'y ipinanumbalik sa kasiglahan patungo sa Buhay, muli, at maging lahat ng mga naiwaglit natin sa pagkabagsak doon sa simula. Ang Diyos ay naglaan ng daan para sa atin. Ang Diyos ay may inilaang daan para makaalpas.

143 Ngayon, heto na nga noon si munting Isaac, noong siya'y maipanganak na, matapos na umabot si Abraham ng sandaang taon ang edad; at si Sarah nama'y halos sandaan na rin, na mga siyamnapung taon ang edad. At inilabas ng Diyos si Isaac sa mundo. At si munting Isaac ay ipinanganak. At noong siya'y maipanganak na, buweno, ganoon na lamang ang kagalakan ng kanyang pamilya! Naghanda sila ng piging nung araw na siya'y awatin na sa paggatas. Tinuli siya ni Abraham matapos ang walong araw. At heto na siya na isang binatilyo na ngayon, na mga nasa labing-anim na taon na. Ang sabi ng Diyos, "Ngayon, Abraham, gusto Kong makita kung gaanong pananampalataya ang mayroon ka talaga riyan. Bibigyan Kita ng isang balakid sa iyong Makalangit na kagalingan, para makita kung hanggan saan ang kaya mong pagtiwalaan Ako."

144 Alam n'yo nga, may mga balakid nga kayo kung minsan. Alam n'yo po ba 'yun? Napakarami ko ngang ganoon. Siyanga, ipinapangaral ko ang Ebanghelyo nang mag-iilang taon na rin; pagbaling ko rito, nagkakasakit ako, di ko alam kung ano bang gagawin ko kung minsan, pero ang angkla ko nga'y matatag pa ring nakakapit. Amen. Basta't iangkla n'yo lang 'yan sa palibot ng Kalbaryo, at sabihin, "Diyos! Oh, di ko po matanaw ang Kalbaryo. Ang mga daluyong ay kay lalakas! Sinasabi na ng mga kaanak ko ang lahat ng *ganito*. Sinasabi ng doktor na di na raw ako mabubuhay pa. Pero, may kung anong Bagay nga *rito*, ang lubid ng Buhay ay matatag pa ring nakakapit." Sadya ngang nakakapit!

145 Nakakita na ba kayo ng isang barko na may panglukob na lambat, pandagat. . .pandagat na lambat, po pala? Yun nga'y susuong sa mga alon.

146 Minsan nga'y nahaharangan ka ng mga alon; wala ka ngang makita sa paligid mo, o saan man. Pero hayaan n'yo ngang ang angkla n'yo ay kumapit doon. Pananatilihin kayo nun, habang ang angkla ay unti-unting kumakapit. At sa mga karamdaman at mga bagay-bagay, itatawid ka mismo ng Diyos doon nang maayos. Aaliwalas ang mga kalangitan sa wakas. Lahat ng mga bagay ay magiging maayos. Nakakapit 'yun sa loob ng tabing.

147 Haya't ang sabi Niya, "Ngayon bibigyan Kita ng pagsubok, Abraham." Sabi Niya, "Gusto Kong dalhin mo ang anak mong lalaking ito na labing-anim na taong gulang ang edad. Gusto Kong dalhin mo siya roon, at gusto Kong patayin mo siya."

148 "Papaano na n'yan ako magiging ama ng mga bansa? Papaanong, mula sa batang lalaking ito, ay pauusbungin si

Cristo? At papaano 'yun mangyayari kung papatayin ko naman siya?" Pero, nung oras na 'yun, ang nasa isip niya, "Kung Diyos ang nangako, ang Diyos mismo ang bahala kung paano pa ang iba nito."

149 Kaya, dinala na niya 'yung munting binatilyo. Di na niya sinabi sa nanay. At nagtungo roon sa isang—isang paglalakbay na aabutin ng tatlong araw sa likurang bahagi ng disyerto. Ngayon, ang isa ngang tao'y may kakayahan na makapaglakad ng mga nasa dalawampu't lima, tatlumpung milya kada araw, kaya ang ibig sabihin nun nasa mga sandaang milya ang layo niya sa kabihasnan. At heto na nga na natanaw na niya 'yung bundok sa di kalayuan. Sabi niya dun sa mga—sa mga kasama na humahawak nung mga mola, sabi niya, "Manatili kayo rito." Ngayon, gusto ko ngang pansinin n'yo ito, kayo na mga may sakit. Sabi, "Manatili kayo rito habang ang binatilyo't ako ay pupunta dun sa ibayong 'yun ng bundok at sasamba, at kami'y babalik. Babalik kami." Papaano ngang . . .

150 "Papaanong makababalik ang binatilyo, kung dadalhin mo siya roon at papatayin siya? At sinabi na mismo ng Diyos na patayin siya, na tahasang pananalita ng 'kunin mo ang buhay niya,' at hayan nga't diba't kukunin mo ang kanyang buhay, kaya papaanong makababalik kayo?" Haya't ang Diyos na ang bahala roon. Oh, grabe! Nakikita n'yo ba? Marahil ako lang ito, pero sadyang punung-puno ako ng emosyon sa umagang ito. Kita n'yo? Papaano siya makababalik?

Pero, sinabi na nga ng Diyos kay Abraham, "Humayo ka't gawin mo ito."

151 Sabi ni Abraham, "Tinanggap ko ang batang ito noong ako ay animo'y isa na mula sa patay. At kung papatayin ko siya, ang Diyos ay may kakayahan na ibangon siyang muli. Ibinigay ng Diyos ang pangako na mula mismo sa binatilyong ito, na sa pamamagitan niya, ang Tagapagligtas ay darating, at sa kung anong paraan nga'y gagawin 'yun mismo ng Diyos."

152 Si Moises. Yung tatay at nanay ni Moises ay kinailangang gumawa rin ng katulad nun. Papaanong si Moises ay magiging ganoon, na ililigtas ang bayan, noong makita nila na isa siyang magandang bata, kung palulutangin nila siya roon sa gitna ng mga nagkukumpulang buwaya? Papaano siya magiging isang—isang tagapagligtas? Papaano niya 'yun gagawin? Buweno, tinanggap nila ang sanggol na 'yun sa paraang ganun din, kaya pinalutang nila ang sanggol doon sa mga buwaya, na may pagkabatid na Diyos ang mag-iingat sa bata. At iningatan nga 'yun ng Diyos.

153 Hawak ng Diyos sa Kanyang kamay ang Kanyang Iglesya. Hawak ng Diyos sa Kanyang kamay ang Kanyang hirang na lalaki, o Kanyang hirang na babae. Magagawa mismo ng Diyos na ingatan ang situwasyon na 'yun.

Kaya, ganoon na lamang na sinabi ni Abraham, "Kami'y magbabalik."

154 Nung umalis po kayo ng bahay ngayong umaga, nabanggit n'yo ba sa asawa n'yong lalaki, "Sa pagbalik ko rito, iba na ang magiging pakiramdam ko"? Siyanga, po.

"Papaano mo naman nalaman 'yun?"

"Di ko alam; pero ako nga'y iigi." Oh! Amen!

155 "Magiging ibang-iba na ako sa pagbalik ko. Tingnan mo lang ako't makikita mo."

"Papaano mo naman magagawa 'yun."

"Ang Diyos ay maglalaan."

156 Doon nga, nung ang masalimuot na, mahirap na sandaling 'yun ay dumating, at nakaakyat na sila roon sa ibabaw ng bundok. At inilabas na ni Abraham ang sundang, at dinala ang munting batang lalaki. At sabi pa nga nung batang lalaki sa kanya, sabi nito, "Tatay, heto naman po ang—ang mga kahoy, at heto rin ang dambana, pero saan po naroon ang handog na susunugin?"

Sabi niya, "Ang Diyos ang maglalaan ng handog."

157 Hindi po ba't napaka gandang aral 'yan sa atin? Ang Diyos ay maglalaan. Di na nga natin kailangang mag-alala sa kung anu-ano pang mga bagay. Ang Diyos nga'y maglalaan.

158 Nakatunghay nga ako sa isang bagay ngayon, pero maaari nga akong mabagbag at malansag dahil dun. Ngayon, inyo na pong narinig ako sa pagpasok ko rito, mula sa mga gawain; ako nga'y galing sa trabaho kasama si Kapatid na Wood na nariyan ngayon sa likod. Hayan nga't ang Diyos ay bumaba, mga ilang gabi pa lang ang nakararaan, sa isang pangitain, at sinabi sa akin at ipinakita sa akin ang dapat na gawin. Kung magagawa n'yo lang po na pagkatiwalaan Siya, Siya po'y kahanga-hanga. Nababatid Niya ang lahat. Ipagkakaloob Niya sa inyo ang siya ngang pinaka mainam na bagay na mayroon.

159 Pinagmasdan ko 'yung luma kong Pontiac nung isang araw, talagang laspag na laspag na ito. Yung hydromatic ay pasira na, sa makina. At may dalawa akong maliliit na mga anak na babae na mahilig tumalon-talon dun, sa mga upuan sa loob, at halos masira na nila 'yung mga upuan, na bibigay na talaga. At pumunta ako't ipinaayos ko 'yun. At sabi nung lalaki, "Billy, sasabihin ko sa iyo ang gagawin ko," sabi, "aalukin kita ng magandang pamalit diyan."

Sabi ko, "Papaano ko po ipagpapalit?" Sabi ko, "Di ko yata puwedeng gawin 'yun."

160 Sabi ko, "Buweno, iyo bang. . .Oh, 'yung rekord mo rito'y maganda, basta't gusto mo lang. Ako nang bahala sa papel."

Sabi ko, "Napaka inam po n'yan, pero di ako puwede."

161 Sabi, “Bibigyan kita ng magandang pamalit diyan.” Sabi, “Dahil isa ka namang mangangaral, ibibigay ko sa iyo ’yun sa presyong lahatan na.”

Sabi ko, “Napaka inam n’yan, pero, kita mo, hindi ako—hindi ako puwede ng ganoon.” Kita n’yo?

162 At sabi niya, “Buweno, kapag napagpasyahan mo na na gusto mo nang ipagpalit, ipaalam mo lang sa akin.”

At sabi ko, “Sige po.”

163 Pagkatapos sa isip-isip ko, “Buweno, Diyos, ako’y . . . Itong lumang sasakyan na ito ay ayos naman sa akin. Maayos naman at mainam, ito nga’t ang aking lumang truck.” Sabi ko, “Kami nga’y nakakababad sa paglalakbay, sa buong bansa, gamit ito. Ayos naman. Gamit ko na ito nang maraming-maraming mga taon na rin; kaya ko pa namang ipagpatuloy na gamitin.”

164 At nung isa pong gabi, may tumawag sa akin sa telepono na mula pa ng California. At may lalaki po na tumawag sa akin, ang lalaki po’y isang multi-milyunaryo. Sabi niya, “Kapatid na Branham, anong klaseng kotse ang gamit mo?”

At ang sabi ko, “Ang gamit ko’y apat na taong gulang nang Pontiac.”

165 Sabi niya, “Sa a-trenta y uno ng buwan na ito, maglalabas sila ng isa sa pinaka malaking Cadillac, na nagawa kailan man, na dadalhin at ihahatid diyan sa pinto mo, para magamit mong sasakyan.”

166 Sabi ko, “Hindi. Huwag na, kapatid. Pakiusap.” Sabi ko, “Huwag mo nang pagkaabalahan.” Sabi ko, “Kung . . . Huwag na po.” Sabi ko, “Iba ang iisipin ng mga kapitbahay ko, at ng mga tao. Hindi ko rin naman kailangan ng Cadillac.” Sabi ko, “Kung gusto mong magpabuti’t makatulong haya’t ibigay mo na lang sa iba. At kung gusto mo talagang tulungan ako, ikuha mo na lang ako nung Ford, siyanga, o nung Chevy,” sabi ko.

167 Sabi niya, “Hindi, nabili na kasi ito, at nandito lang.” Di ko nga alam ang gagawin ko dun.

168 Pero, nakikita n’yo ba kung ano ito, ang Diyos ito. Ang Diyos po, sa Kanyang biyaya, ay naglalaan. Minsan talagang masasadlak na lang tayo sa kakapusan, na mapapaisip tayo kung paano na kaya ’yan, pero ang Diyos nga’y naglaan na mismo. Hawak-hawak na Niya ito, kumukuha lang ng interes, kita n’yo, para ibigay ’yun sa inyo.

169 At sa pamamagitan ng isang pangitain, ngayon ako nga’y nag-aatubili roon. Hetong may dumating na liham, na galing pa sa isang dako sa malayo, sa isang lalaki, nung isang araw. Ipinadala ’yun, ipinadala ’yun sa akin, ng isang hari ng isang bansa, sa ibayo—ibayong-dagat. At sabi, “Oh, ang mga himala’t mga bagay-bagay, na nangyari sa Alemanya!” Ang hari po ng Denmark, sabi niya, “Bumisita ka rito, Kapatid na Branham, at

magministeryo ka mismo sa aking mga kababayan, sa Pangalan ng Panginoong Jesus." At nung sandali na 'yun na iniisip ko na tapos na sa akin ang Diyos, at tapos na ang lahat, Siya pala'y may inihahandang panibago. Hallelujah!

170 At pagkatapos, heto nga, na kadalasan ang ginagawa ko sa mga tao'y tinatalos ko ang kanilang diwa, isa-isa. May inilagay Siya sa puso ko ngayon na isang bagay na di ko pa puwedeng ipagsabi sa panahon na ito. At di po ako isang panatiko, at alam n'yo 'yan; kilalang-kilala n'yo po ako. Pero masdan n'yo nga itong bagay na nangyayari ngayon. Oh, grabe! Ito nga'y higit pa. Kita n'yo?

171 May panahon nga na sa pinaka madilim na sandali, doon nga dumarating ang Diyos. Hallelujah! Ganoon ang paraan ng Diyos ng paggawa rito.

172 Yun mismo ang paraan ng paggawa ng Diyos para sa babae na 'yun noon na may pag-agas ng dugo. Sa pinaka madilim niyang sandali, pagkatapos ay dumating si Jesus.

173 Hayun nga roon ang pinaka madilim na sandali nung mga binatilyong Hebreo, pagkatapos hetong dumarating ang Diyos lulan ng mga hangin ng panahon, at pinaypay palayo ang apoy mula sa mga binatilyong Hebreo.

174 Doon nga mismo sa pinaka madilim na sandali ni Abraham, noong hugutin na niya ang sundang, at inihiga ang sarili niya mismong anak na lalaki roon, at hinawakan ang ulo nito; at ang puso nga niya'y halos tatalon sa kanyang bibig, kagaya nga nun. Ang sarili niya mismong anak, at hinugot na niya 'yung sundang, para gilitan ang bata sa lalamunan, dahil sinabi ng Diyos. Doon nga sa pinaka madilim na sandali, ang Diyos, si Jehovah, ay nagpakita sa eksena. Sabi, "Abraham, ihinto mo ang iyong kamay. Ako'y may inilaan, na."

"Ano po 'yun?"

"Ako'y naglaan, na, ng isang hain."

175 Sabi ni Abraham, "Tatawagin ko nga ang lugar na ito na Jehovah-jireh, sapagkat ang Panginoon ay naglaan."

176 At nung mismong sandaling 'yun, isang lalaking tupa ang bigla na lang umunga sa ilang, nasabit, na 'yung mga sungay nito'y nasabit sa mga sanga-sanga. Saan kaya nanggaling 'yung lalaking tupa na 'yun? Siya nga'y sandaang milya ang layo sa kabihasnan. Yung mga hayop dun, mga leon, at mga lobo, at kung anu-ano pa, at mga hyena, na pagala-gala sa kaparangan dun, kanila na sanang napatay 'yun. At di lang 'yun, hayun nga ito roon sa ibabaw mismo ng bundok, na wala namang tubig, walang mga bukal, walang kahit ano na puwedeng makain. Sa biglaang sandali na 'yun, heto nga ang isang lalaking tupa na nasabit sa ilang, nasabit ang mga sungay.

177 Ano ’yun? Si Jehovah, ang Diyos, na sinalita na lumitaw yaong lalaking tupa. Siyanga’t, ’yun ang ginawa Niya. Di ’yun isang pangitain. Pinatay mismo ni Abraham ang lalaking tupa. Tumulo ang dugo mula roon. Isa nga ’yung tunay na lalaking tupa. Siyanga’t, tunay talaga. At tumulo pa mismo ang dugo mula roon. At ’yung—’yung tupa na ’yun ay lumitaw, isang minuto, at yumao na nung sumunod na minuto. Yun nga ang daan na inilaan ng Diyos para magkaloob ng pagpapala sa anak Niya na nagtitiwala sa Kanya hanggang sa dulo ng daan.

178 Ang Diyos nga’y may kakayahan, na sa minutong ito, ay salitain lamang na lumayas ang bawat kanser mula sa gusaling ito, imulat ang bawat bulag na mata, palayain ang bawat isa, na sumasampalataya sa Kanya. Ang Diyos ay may inihandang daan. Gumawa Siya ng daan. Ipinadala Niya ang Kanyang Anak, na si Cristo Jesus, at ang Espiritu Santo ay lumililim na sa ibabaw natin sa sandaling ito. Ang Espiritu Santo ay nasa ibabaw natin. Pinagpapala tayo Nito. Nagdadala ng mainam na pakiramdam sa paligid.

179 Bakit n’yo nga dinadala ang itlog ng inahing manok at ilalagay ’yun sa dakong pisaan? Di nga kailangan na ang isang inahing manok ay pumatong sa ibabaw nung itlog, para pisain ’yun. Ang mahalaga’y may sapat na init ’yun, mapipisa na ’yun.

180 Oh, ang Diyos, ipinadala Niya ang Kanyang Salita. At ’yun mismo ang sinisikap kong ibigay sa inyo, ang Kanyang Salita, Kanyang pangako. Inihanda Niya ’yun sa Kalbaryo. Inihanda Niya ang hain para sa inyong kagalingan para sa umagang ito. Haya’t dala-dala Niya Ito rito. At Kanya Itong binabantayan. At inyo ngang tinatanggap Ito sa inyong puso, at ang Espiritu Santo’y lumilim Dito. Maglalabas Ito ng Buhay at magbubunga nang saktong-sakto sa sinabi ng Diyos Dito na ibunga. Bawat Salita ay saktong-saktong magbubunga ng kung ano mismong ipinangako Nito, dahil inihanda na Ito ng Diyos noon pa man.

181 Tingnan n’yo po ang paghahanda. Kapag ang isang tao’y naghahanda nang ilagay ang kanilang. . .ihanda ang kanilang mga manok at mga bagay-bagay, na pumipili sila ng mga itlog nila’t ilalagay ang mga ’yun sa mismong pisaan, at ilalagay ang mga ’yun sa dakong pisaan, at ang init nga roon ay kuntrolado. Pinapanatili ’yung init dun sa itlog hanggang sa mapisa ito.

182 At ganoon na lamang na isinaayos na ng Diyos ang lahat, na isang araw. . .Sa lahat ng mga tipo, mula pa roon kay Adan, kay Eba, pababa sa mga propeta, pababa kay Abraham, haya’t Kanya na ’yung inilagay sa pagkakaayos. Isinaayos Niya ang lahat ng mga ’yun sa Lumang Tipan, para ipakita ang bagay na Kanyang gagawin.

183 At tinapos Niya ’yun sa Kalbaryo, noong ipadala Niya si Jesus, “Na nasugatan dahil sa ating mga pagsuway; binugbog dahil sa ating kasamaan; ipinataw sa Kanya ang parusa para sa

ating kapayapaan; sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling tayo." Kanyang tinapos 'yun sa Kalbaryo.

184 Tapos nagpahid Siya ng mga mangangaral at ipinadala Ito, ngayon, para dalhin ang Salita, at ilagay ang mga itlog sa tama nilang posisyon, dako. Tapos kinuha Niya ang siya rin mismong Salita na ito at inangkla Ito roon, at pumarito at pumaibabaw Doon, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, hanggang sa ang Salita na 'yun ay maging Buhay sa puso ng tao, na kahit lahat pa ng mga diyablo sa impyerno'y di mapipigil ang pagsibol ng Buhay na 'yun doon. Siyanga, po. Hindi. Hindi.

185 Kung ano mismo ang itlog! Kung itlog ng pato, maglalabas 'yun ng pato. Kung manok, maglalabas ng manok. Kung ibon, maglalabas mismo ng ibon.

186 Kung ang Diyos ay nangako ng kaligtasan, kunin n'yo Iyon patungo sa puso n'yo. Lililim mismo Roon ang Espiritu Santo hanggang sa maging Buhay. Kung nangako Siya ng kagalingan, kunin n'yo Iyon patungo sa inyong puso. Yun ang inilaang daan ng Diyos.

187 Nagpadala Siya ng mga tanda't mga kababalaghan. Sabi Niya, "Sa huling mga araw, mangyayari, sabi ng Diyos. Oh, isusugo Ko ang Aking Espiritu Santo sa sanlibutan. At Ako'y magsusugo ng mga ministro. At dakilang mga tanda't mga kababalaghan ang magaganap. Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng masasamang espiritu. At magsasalita sila ng mga bagong wika; makahawak man sila ng mga ahas, o makainom man ng mga bagay na nakamamatay, hindi ito makasasama sa kanila. Sa pagpatong nila ng kanilang mga kamay sa mga may sakit, sila'y magsisigaling."

188 At sinabi ng Biblia, "Sa huling mga araw ay darating ang una't huling ulan, na magkalakip." At, ngayon, sa mga bansa, mula sa . . . silangan hanggang kanluran, mula hilaga hanggang timog, nagkakaroon ng isang ganap, na dakilang rebaybal ng Makalangit na pagpapagaling, mga Kapangyarihan ng Diyos. At ang taong hamak lang, isang tao na ginamit . . . Sinusubukan ng Diyos na ipasok Ito sa naglalakihang mga kaiglesyahan na ito, at di makatagpo ng dakong paglalagyan. Tinanggihan nila Ito at ang sabi pa'y di raw ito maaaring mangyari, ganoon nga ang iniisip, dito mga ilang taon na ang nakararaan.

189 Pero ang Diyos nga'y gumagamit ng mga nasa mababababang antas lang na buhay, na mga hamak lang, na mga mahihirap na tao, ibinabangon sila, na mga salat sa pinag-aralan. Bakit 'yun ginawa ng Diyos? Oh, dahil kung manggagaling 'yun mula sa naglalakihang mga kaiglesyahan at mga bagay-bagay, may masasabi sila na ipagmamapuri nila. "Ang aming—aming mga grupo'y nagpulung-pulong. Ito ang napagpasyahan namin." Subalit dumadako ang Diyos minsan sa mga lalaki't babae na di man lang mabasa ang sarili nilang pangalan. Kumukuha nga

mismo ang Diyos ng mga walang kabuluhan, at ipinangyayari Niya na magkaroon ng kabuluhan mula roon, at tumatalima sila. At ang Diyos nga'y kumukuha ng ganoong klase ng mga kalalakihan, na ibabangon sila sa sanlibutan. At, ngayon, hayan mismo ang dagundong ng pagpapala, na anupa't maging mga doktor ay inilalagay nila sa kanilang mga dokumento, na totoo talaga ang Makalangit na kagalingan. Nararapat lamang na makilala nila ito. Narito na Ito mismo sa kanilang harapan. Hallelujah!

190 Nabubuhay na tayo sa araw ng Pagparito ng Panginoon. Ang gabi'y matulin nang dumarating. Ganoon na lamang ang pagpapakasakit ng mga ministro, sa puspusan nila't matinding pananalangin; nagpapakita ang Diyos ng mga tanda't mga kababalaghan. Hayan nga't may bagyong parating. Oh, Siya, Siya'y parating. May bagyong nagaganap, at isang dakilang panahon ng rebaybal; isang panahon na di pa nasasaksihan ng sanlibutang ito kailan man, panahon na nangyayari na ngayon. Wala ngang panahon sa kasaysayan ng mundo, sa anupamang ibang kapanahunan o anumang panahon, na ang Ebanghelyo ng Kapangyarihan ng Diyos ay ganun na lamang na ipinamalas kagaya nga Nito sa mismong sandaling ito; sa pamamagitan ng radyo, pamamagitan ng telebisyon, pamamagitan ng tapat na mga ministro; doon sa labas sa dako ng mga pagmimisyon, sa mga Hottentot, sa mga taga-Aprika, rin, maging sa Tsina, sa iba't ibang dako. Mga dakilang rebaybal ng pagpapagaling, at mga kapangyarihan, at mga pagkilos, at mga tanda, at mga kababalaghan, ay naglilitawan sa lahat ng dako. Di pa nga, sa buong mundo, na nagkaroon ng tulad nito! Mga kaibigan, ang Diyos ang naglaan nito. Sinalita ito ng Diyos. Ipinangyayari ito mismo ng Diyos.

191 Ang Diyos ay narito mismo sa umagang ito. Inilaan Niya ang umagang ito para sa inyo. Ang araw na ito ang araw n'yo. Ang oras na ito ang oras n'yo. Kung kayo'y may ibig at handa, sa umagang ito, kung sinasampalatayanan n'yo ito nang buong puso n'yo! Kung magagawa n'yong ipangako sa Diyos, "Diyos, di ko na—di ko na ito palilipasin pa. Dumudulog ako sa sarili ko. . .May kung anong Bagay na nangyari sa aking puso. May kung anong bagay na nangyari rito sa umagang ito. Habang narito po kami sa pangangaral at ipinapahayag ang Salita, ang bahaging ito rito'y nagkaroon ng kahulugan sa akin." Kapag nakikita ko ang. . .

192 "Tinawag niya ang mga bagay, na di pa man hayag, na tila hayag na." Si Abraham nga'y humayo, na sinasabi, "Kami'y magiging *ganito*. Magiging *ganito* ito. Magkakaroon kami ng sanggol."

"Papaano naman kayo magkakaroon nun?" Ang. . .

193 "Ang asawa kong babae'y matanda na masyado. Sinasabi ng doktor na napaka imposible raw. Buweno, ako'y. . .Amin nga itong matatanggap, dahil sinabi na 'yun mismo ng Diyos." At nung humarap siya roon sa huling napaka gipit na sandaling 'yun, doon sa taas, tinawag niya ang lugar na 'yun na, *Jehovah-jireh*, "ang Panginoon ay maglalaan para sa Kanyang Sarili ng hain na ito."

194 Ang ilan sa inyo rito'y nanggaling pa sa malalayong dako, na sumadya kayo rito, halos mamamatay na. Yung mga tawag n'yo sa telepono'y inilista roon sa isang munting pad, munting kuwaderno, sa bahay. Ang ilan ay may kanser. Ang ilan, bulag; ang ilan, bingi; ang ilan, pipi; ang ilan, mga tatay na may mga maliliit pang anak; at mga nanay, at iba pa, na may maliliit pa na mga anak, na sari-sari ang kondisyon. Ano pong nangyari? Ano ang nagbunsod sa inyo na gawin 'yun? Ano ang nagbunsod ng mga damdamin na 'yan ng tao na magka ganoon? Ano't ginawa n'yo ang isang bagay na katulad nun?

195 "Oh, dinala na namin sila sa ospital. Dinala na namin sila sa kung saan-saan."

196 Pero bakit n'yo nga dinala sila rito, sa oras na ito? Dahil may kung anong Bagay nga sa inyong puso ang nagsimulang kumilos. Ano 'yun? Ang Diyos, na gumagawa ng daan. Ang Diyos, na may paghahanda. Mga paghahanda ng Diyos. Ang Diyos ay maghahanda ng daan.

197 Marami sa inyo ang nakapakinig na dun sa kuwento ng munting opossum. Nandun po 'yun sa mga aklat, dito po di pa katagalan. Kung ang Diyos nga'y may sapat na malasakit sa isang kaawa-awang, walang nalalaman na opossum; at di lang sila, haya't sa mga iba pang mga hayop na alam ko. Sasabihin n'yo, "Gugugol ka ba ng panahon para manalangin sa isang hayop?" Kung ipinadala 'yun ng Diyos, siyanga't, gagawin ko. Ang Diyos ay si Jehovah. Siya'y sadyang kumikilos sa Kanyang Sariling pamamaraan, at tayo'y sadyang naglilingkod lamang sa Kanya. Tayo'y mga lingkod Niya.

198 At ngayon, kapatid kong lalaki, kapatid na babae, ang Diyos ay may inilaan na isang ganap na daan para sa inyong kagalingan sa umagang ito.

199 Alam n'yo po ba na halos mabulag na ako, noon? Ako nga'y inalalayan na noon sa aking mga braso. Nagsuot ako noon ng malalaking, makakapal na salamin sa mata ko. At pumapaling 'yung ulo ko nang *paganito*, at di nga ako makapag pagupit ng buhok maliban na may hahawak na magpipirmi sa ulo ko. Si Fred Montgomery, dito po sa may Sixth Street, sa inyo riyan na may. . .Marami sa inyo ang may kilala kay Fred Montgomery, ang barbero sa dako roon. Makailang ulit nga 'yun na ilalapag ko 'yung salamin ko roon; hahawakan ni Fred ang ulo ko nang isang kamay, tapos susubukan niyang gupitan ang buhok ko sa

isa namang kamay; papaling-paling po kasi ang ulo ko noon. Di nga ako makaaninag para makapunta sa kung saan-saan. Dito nga sa paglalakad ko sa mga kalye ng Louisville, kung minsan ganoon na lamang na sumusumpong ang pagkabulag ko noon, na anupa't kinakapa-kapa ko 'yung mga bakod sa gilid, nang *paganito*. Tapos tatayo po ako't magpapalipas lang ng ilang sandali, hanggang sa luminaw nang kaunti ang mga mata ko; grabe po noon ang naging kalagayan ko.

Oh, biyayang kamangha-mangha! Ngayon, haya't napaka maluwalhati Niya sa akin!

200 Naaalala ko pa nung sabihin ng Mayo Brothers doon noon, "Hayan nga, G. Branham, di na hahaba ang buhay mo." Sabi, "Haya't, napaka imposible para sa iyo na . . . gumaling pa mula riyan." Sabi, "Yung—'yung . . . Haya't di ka na talaga tatagal pa." Sabi niya, "Yan nga, 'yang nariyan sa iyo, haya't apektado hanggang sa kaluluwa mo." At sabi niya, "Wala ngang kahit sinong tao ang makatutunton nung pagkilos nung enerhiyang 'yun na dumadaloy sa may ugat, na ito ngang kaluluwa mo, at nagpapalabas nun sa isip mo." Sabi, "Napaka imposible." Sabi, "Nasa ilang libo nang mga kaso ang ikinukonsulta rito na gaya n'yan." Sabi, "Wala nga kaming magawang remedyo roon." Sabi, "Wala na pong magagawang remedyo sa iyo, ginoo. Di ko man gustong sabihin 'yun." Oh, naku!

Noong lumabas na ako roon, sabi ko, "Tapos na ang pagmi-ministeryo ko."

201 At pagkatapos dumating si Jesus dala ang isang pangitain, na ang sabi, "Huwag kang magulumihanan. Ako'y kasama mo. Ako'y kasama mo."

202 Sabi nung doktor, "Kung mabubuhay ka man, ikaw nga'y magmimistula na maliit na patpating masakitin na sandaan at sampu, labing-limang libra, na katulad nga ng timbang mo ngayon, marahil mga nasa dalawampu."

203 At heto po ako ngayon, sa umagang ito, na nasa sandaan at pitumpu ang timbang, napaka ganda ng pakiramdam. Ano po 'yun? Si Jesus Cristo na Anak ng buhay na Diyos, ay gumawa ng isang paghahanda doon sa ibayo ng Kalbaryo, at tinanggap ko 'yun. Bakit Niya ginawa 'yun? Hindi dahil para sa akin, pero para masabi ko sa inyo, sa umagang ito, at magagawa n'yong tanggapin ang siya ring bagay na 'yun at maipagsabi rin sa iba ang tungkol dito. Tapos tuluy-tuloy na. At ganoon mismo ang pamamaraan Niya ng paghahanda ng daan, para ipalaganap ang Kanyang Ebanghelyo. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan, ngayon? Ang Diyos ay naglalaan.

Maaari na ba tayong manalangin, pansumandali po ngayon, habang nakayuko ang ating mga ulo.

204 At ang kapatid na babae, ang piyanista, kung maaari po siyang lumapit rito pansumandali. Gusto kong tumipa ka nang marahan.

> Ang Dakilang Manggagamot ay heto ngayong
>   narito,
> Si Jesus na siya namang mahabagin na lubos,
> Sasalitain Niya'y kaaliwan sa pusong hikahos,
> Walang ibang Pangalan maliban kay Jesus.

205 Ngayon kayo po na narito, na nasa labas pa ni Cristo, at di pa Siya kinikilala bilang sarili n'yong Tagapagligtas, hindi pa nakatatanggap. May kung anong kakaiba sa umagang ito, may kung anong Bagay diyan sa palibot ng inyong puso. Habang ang bawat ulo'y nakayuko. May kung anong Bagay, kumikilos sa palibot ng inyong puso, nagsasabi, "Alam mo, may kung ano ngang Bagay dito na nagsasabi, na ako'y—ako'y maghanda na. Ang dakilang Araw na 'yun ay nalalapit na, at kinakailangan kong—kong tumayo roon. At ngayon, Panginoon, hindi po kay Kapatid na Branham, bagkus sa Iyo po, itinataas ko ang aking kamay, at sinasabi, 'Sa . . . Kung Iyo po akong tutulungan, mula sa araw na ito ay akin po—akin po 'yung gagawin. Ako—ako po'y maglilingkod sa Iyo, mula sa araw na ito."

206 Mayroon po ba rito na nais gawin 'yan? Itaas n'yo lang ang inyong kamay, sabihin, "Sa biyaya ng Diyos, mula sa araw na ito, paglilingkuran ko ang Diyos." Kung mayroon po rito sa gusali, di ko po alam. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Siyanga. Mainam 'yan. "Mula sa araw na ito, ibig kong ang buhay ko'y mabilang na kagamit-gamit sa Panginoon."

207 "Isa na po akong Cristiano, tinanggap ko na si Cristo, pero para bang inaasam ko pang maging mas mainam na Cristiano pa ngayon. Ibig kong itaas ang aking kamay at sabihin, 'Diyos, sa pamamagitan nito'y inaasam ko . . .'" Pagpalain ka ng Diyos. Oh, napaka inam. Napaka inam. Sumainyo ang Diyos.

208 Ngayon ilan sa inyo, na mga nakayuko ang ulo, ang may mga sakit? Sabihin, "Minamahal na Diyos, ngayon, akin na po mismong tatanggapin Ka ngayon. Ako—ako po'y may . . . Ako'y may tumor. Ako'y may kanser. May anak ako rito na may sakit. Ako'y may . . ." Anupaman 'yan, anupamang suliranin 'yan. "May suliranin po ako. Iyo pong nababatid ito. At sa mismong sandali na ito ay tinatanggap ko ang Salita na ito, ang Iyong Salita, sa mismong paraan na ito ng paglapit sa pamamagitan ng pananampalataya para maligtas. Nananampalataya po ako, sa puso ko. Nananampalataya ako nang lubos, Diyos, na, sa oras na ito mismo'y nakaangkla na ang Iyong Salita sa aking puso at ako'y tunay na gagaling. Di ko po alam, di ko naman ito iniisip kanina, pero ako—ako nga'y sadya—ako'y sadya pong nananampalataya na ngayon. Ako'y tunay na gagaling ngayon. Itataas ko ang aking kamay, upang ipaalam sa Iyo na ako nga

mismo'y nananampalataya nang buong puso ko. Ako'y tunay na gagaling." Magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay, kayo po na mga may sakit? Oh, kay inam!

209 Iyo po lamang masdan ang mga kamay na ito, Minamahal na Makalangit na Ama! Iyo pong tingnan ang kanilang kamay.

210 Kagaya nga ito nang pagbabagong-loob. Ngayon, kung sila po'y napagbagong-loob, Panginoon, at nagsipagtaas sila ng kanilang mga kamay para sa kaligtasan, amin nga silang dadalhin dito sa dakong pagbabautismuhan para bautismuhan sila; 'yan po ang kasunod naming gagawin. Sinabi ni Pedro, "Mangagsisi kayo, at magpabautismo, bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; tatanggapin nga ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." Ngayon, 'yun po ang gagawin namin, Panginoon.

211 Ngayon lahat po ng mga ito na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, at nagsabi, na nananampalataya sila na Ikaw nga po'y nagpunla na sa kanilang puso. Nakita nila mismo na Ikaw nga'y naghanda para sa kanilang kagalingan, sa una pa lang. At handa na sila ngayon na tanggapin ito, at tinatanggap nila ito sa kanilang puso. At, Ama, may isa na lamang na natitira na dapat naming gawin, ito nga'y, ang idulog sila at manalangin ng panalangin ng pananampalataya para sa kanila. Magpatong ng mga kamay sa kanila, Iyong sinabi, "Sila'y magsisigaling." Wala ngang makahahadlang doon.

212 At, Ama, nananampalataya po kami, na sa biyaya ng Diyos, na magpapadala Ka sa amin ng pagtitipon ng pagpapagaling sa mismong sandali na ito na sadya ngang magiging ganoon na lamang kaluwalhati. Tinanggap na po nila ito. Lubos-lubos ang aming magiging pasasalamat. Ibibigay po namin sa Iyo ang papuri. At ibibigay po namin ang lahat ng kaluwalhatian sa Iyo. Ipamamalita namin ito sa iba. Uuwi kami sa aming mga tahanan, na pinapatotoo ito. May ilan po rito na halos mamatay na, dahil sa kanser; may ilan dito na di nakakakita, para sana makapunta sa palibot; may ilan din na di nakakalakad. Oh, sila nga'y nasa lahat na ng sari-saring mga kondisyon, Panginoon. Pero, Ikaw nga'y narito para ituwid ang bawat nabaluktot na landas. Narito Ka para alisin ang lahat ng mga sakuna't ilagay ang kaluwalhatian.

213 Panginoon, kanila pong inaalis ang kanilang mga sarili, at ako man din ay inaalis ko ang aking sarili. Iyo pong punuin kami, Panginoon, ng Espiritu Santo. Iyo pong punuin kami ng Iyong pagpapala, na ang araw na ito'y maging bagong araw. Nawa'y humakbang Ka sa nag-aapoy na hurno sa oras pong ito, paypayin palayo ang lahat ng mga daluyong mula sa Iyong mga anak, at itawid sila sa ligtas. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, sa pamamagitan ng Iyo pong paghahanda na ito kay Jesus Cristo sa Kalbaryo. Hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

The great Physician now is near,
The sympathizing Jesus,
He speaks the drooping heart to cheer,
Oh, hear the voice of Jesus.

214 Mga kaibigan, habang tumutugtog sila, at pumapailanlang po ngayon ang musika.

215 Ngayon, ito po'y napaka importanteng sandali ng buhay ko. Isa po itong napaka importanteng sandali para sa akin. Heto ngang nakakaramdam ako ng kompiyansa, at kasiguraduhan sa puso ko, na ang Diyos ay magpapagaling sa mga tao sa umaga mismong ito, na ganoong kasigurado sa pagkakatayo ko rito sa entabladong ito. Akin po 'yang sinasampalatayanan. At ako'y nakakaramdam po talaga rito ng . . . Sa totoo lang po, sinasabi ko sa inyo, sa palagay ko'y naipangyari na ito. Ang tanging bagay na lang, ay ipapatong ko ang mga kamay ko sa kanila, dahil 'yun mismo ang Kanyang sinabi na dapat gawin; katulad sa bautismo sa tubig o sa iba pa.

216 Ngayon ito nga ang nagbibigay sa akin ng kompiyansa. Ako nga'y lumalapit dala ang ganitong uri ng kompiyansa para sa inyo. Kita n'yo? Batid ko na ipinadala Niya ako para gawin ito. Ako—ako . . . Habang nakapatong ang Biblia ko sa ibabaw ng aking puso, at kung di na ako mabubuhay pa na makadako sa may pintuan diyan, hetong nababatid ko na ipinadala Niya ako para ipanalangin ang Kanyang bayan. Batid ko po 'yun. Di ko kayang pagalingin ang Kanyang bayan, dahil ginawa na Niya 'yun noon pa man; inilaan na 'yun. Pero ipinadala nga Niya ako para ipanalangin ang Kanyang bayan at patatagin ang loob nila na manampalataya rito.

217 Ngayon hayaan n'yong ipakita ko sa inyo kung ito ba'y tama o hindi. Kita n'yo? Sige po't kunin natin una sa lahat ang daan ng Diyos dito. Masdan natin sa buong palibot ng mundo, kung gaanong karami't nasa sampung makailang libo na mga pilay, bulag, baldado, lumpo, lipos ng kanser, at lahat na, na mga pinagaling. Ngayon, una pa lang 'yan. Matapos na sabihin ng Kanyang Salita na Kanya itong gagawin, haya't heto ngang dumarating Siya't pinagtitibay 'yun.

218 Ang kasunod nga'y, heto ang mga taong nakaupo rito, na mga pinagaling na ri't, may katunayan mismo. Kita n'yo? Yun nga ang kasunod.

219 At pagkatapos balikan naman nating muli, 'yung panahon noon, na mga ilang taon na ang nakararaan. May ilan pa rin na mga mangilan-ngilan dito sa tabernakulo, marahil, ang narito ngayong umaga. Ang ilan sa kanila'y di nagpupunta rito kapag nagdadaos tayo ng mga gawain para sa pagpapagaling, dahil sa dami ng mga tao na nagsisiksikan tulad ngayon. Pero, tingnan n'yo nga. Dito mismo, dito mismo sa Jeffersonville, sa inyo na mga taga-ibang bayan, ay dito nga nagpakita ang Liwanag, ang

Tala sa Umaga na ’yun, na haya’t una itong nagpakita. Dito nga mismo ’yun nangyari, sa entabladong ito, nang maraming beses, dito mismo.

220 Mangyari ngang, iisipin ng mga tao na Ito’y kapanatikuhan lang, pero mismong daigdig na ng siyensiya ang kumuha ng litrato Nito at nagsabi, “Ito ang katotohanan.” Kaya naman, ang sinasabi ko sa inyo ay katotohanan. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] At ngayon nga’y lumaganap na ito . . .

221 Ngayon nakunan nila ’yun sa Alemanya, dito’t kamakailan lang. Nakita n’yo na mismo ’yung kuha nun. Dun sa malaking kamera sa Alemanya ay gusto nilang makita kung makukunan ba nila Ito ng litrato, kaya nagpunta sila mismo roon, naghanda para kunan ng litrato. Noong bumaba Ito, at nung paganahin na nila ’yung malaking kamera na ’yun at kunan ng litrato, at doon nga’y kitang-kita Ito na bumababa mula sa Langit.

222 Noong bumaba mismo ’yung inspirasyon; inilahad kung sino ’yung lalaking nakatayo roon, sinabi sa kanya kung ano siya, at mga bagay na nangyari noon, pati ’yung pangunguna niya sa grupo ng mga komunista, at iba pa. Sabi, “Di ka isang Aleman, kung tutuusin. Isa kang Italyano.” Sinabi nga ’yun dun sa lalaki.

223 At sila, ’yung Aleman na naroon, kumukuha ng litrato ’yung lalaki nang paganoon, at nilitratuhan, tapos inikot niya ’yung rolyo ng kamera, kinunan Ito nang paganoon. At heto nga Ito na lumitaw roon; kitang-kita dun na bumababa Ito, kitang-kita noong naroon Ito na nagpapahid, at kitang-kita Ito nung paalis na, lumabas na ng gusali. Siyanga. Pagpapatunay, na ito’y katotohanan. Kita n’yo? Para saan ’yun? Para ’yun sa inyo, para sa inyo.

224 At, ang isipin, na maski dun sa pinakamababa na mismong daigdig ng mga hayop, kung papaanong ang Diyos ay ginagawa ’yun, at ganoon na lamang ang kasimplehan. Maiisip n’yo ba na may isang tao . . . Napakarami ngang tao ang magtatawa dun. Di ’yun tatawanan ng mga Cristiano. Pero haya’t alam n’yo ba na alam ng Diyos ang bawat munting maya na mayroon? Alam n’yo ba na ang Diyos nga’y bilang yaong bawat balahibo nung mga ’yun sa kanilang pakpak? Alam nga Niya mismo ang lahat ng tungkol dun. Sabi Niya, “Kahit isa sa kanila’y di mahuhulog sa lupa na di nalalaman ng Ama ang tungkol dito.” Alam Niya kung saan naroon ang bawat munting hayop. Alam Niya ang bawat munti mang bahagi sa inyo. Alam Niya mismo ang lahat ng tungkol dun. At sa pagkaalam ngang ’yun, kita n’yo, at itong pagtitiyak sa akin . . .

225 At ’yung pinaka putong ng buong kabuoan nun, dumating mismo nung isang gabi, nung nagpakita Siya sa akin, nakatayo sa gilid ng lawang ito. Di ko ’yun makakalimutan.

226 Makikita n'yo po 'yun sa mga pahayagan. Hetong dala ko ang mga ito para sa inyo. Makikita n'yo 'yun na nakalimbag dun sa *The Voice Of Healing*, sa iba pang mga magasin.

227 Ganoon nga na nakita ko 'yun, sa unang hatak na 'yun, at ang sabi Niya, "Sa ganyan nga'y matatalos mo ang mga sakit ng mga tao, kapag sila'y. . .sa pamamagitan ng kanilang mga kamay."

228 At pagkatapos heto ang ikalawang hatak. Sabi, "Bakit mo hinahatak 'yun nang sobra-sobra? Bakit mo pinagpipilitan na ipaliwanag ang lahat ng ito?" Sabi, "Kita mo, nakahuli ka nga ng isang isda, pero ang liit naman nito."

229 Sabi Niya, "Ngayon ihagis mo ang pamansing mo, para sa pagkakataong ito." Sabi, "Ilagay mo ang iyong kawil." Haya't nakita ko ang Liwanag na kumilos, kumikilos nang paganoon, sabi, "Kakatagpuin Kita." Oh, grabe! Alam ko nga. Sadya nga pong nalalaman ko. Noong ako. . .Kung papaano nga na alam ko na ako'y. . .Alam ko—alam ko na nabubuhay ako, nakatayo sa pulpitong ito sa umagang ito, ganoon ko nga itong kaalam.

230 Hayan ngang ilagay n'yo ang inyong pananampalataya na makaabot hanggang *dito* ngayon, at ipuwesto n'yo 'yun *dito*, sabihin, "Minamahal na Diyos, ako'y dumating, na nalalaman din ito, siyanga. Ako po'y dumudulog nang may pagkabatid. Ako po'y dumudulog sa Iyo, at ako po mismo'y mapapagaling sa umagang ito." Bilang tao, ang magagawa ko'y manalangin para sa inyo.

Sasabihin n'yo. "May magagawa ba ang pananalangin? Ang—ang panalangin ba'y makatutulong?"

231 Tunay, 'yun nga mismo ang dapat nating gawin. Ang panalangin. . .Nababago ng panalangin ang mga bagay-bagay. "Ang panalanging may pananampalataya ay magliligtas sa mga maysakit." Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] May mga itinalaga nga sa Iglesya para manalangin para sa mga maysakit. May ilan din namang inilagay sa Iglesya para magpropesiya. May ilan na inilagay sa Iglesya para mangaral, ang ilan para magturo. Tama po ba? ["Amen."] Tunay. Tayo nga'y itinalaga sa mga bagay na ito.

232 Kaya naman, nalalaman ko na iniluwal ako sa mundong ito para manalangin para sa mga maysakit. Di ko nga kakayanin na ipanalangin ang lahat ng mga anak ng Diyos na may sakit, noong nagpapasimula pa ako noon, noong ang lahat ay pawang patay, at mga ilang taon na rin ang nakalilipas. Pero, ang Diyos ay nagpalitaw mula sa pagmi-ministeryo na ito, si Oral Roberts at, oh, ang daan-daan pang iba, sa buong palibot. Nagtungo ng Aprika, doon nga'y nagkaroon sila ng isang malaking rebaybal. Nagtungo sa iba't ibang mga bansa, na doon ay nagdaos sila ng malaking rebaybal. Ang mga kalalakihan ng Diyos ay nasa lahat ng dako, gumagawa na magkakalakip, na hindi laban sa

isa't isa. Magkakalakip, para sa iisang malaking yunit, para sa kaluwalhatian ng Diyos, na sinisikap na paigihin ang lagay ng Kanyang mga anak, at maipakita sa kanila ang Kaluwalhatian ng Panginoong Jesus Cristo. Batay nga sa Kanyang Salita, ay ipinangako Niya ito.

233 May mga tao nga noon na sinusubukan nilang batikusin tayo at makipagtalo sa atin, ito pong mga mangangaral na di naniniwala sa Makalangit na kagalingan. Wala na nga kayong maririnig na kahit ano mula sa kanila. Di po ba? Siyanga. Sila nga'y inilantad at ipinakita kung gaano lamang ang nalalaman nila sa Kasulatan. At pagkatapos nga'y darating ang Diyos at pagtitibayin ang gawa, na may kalakip na mga tanda, at 'yun na 'yun.

234 Ngayon, ilan po ang narito ngayon, na mga taga-ibang bayan, na mga nanggaling pa sa labas ng estado rito kung saan, na nagnanais na maipanalangin, sige po't itaas n'yo lang ang inyong kamay. Hayaan natin na sila ang unang dumulog dito, mga taga-ibang estado, hayan po, 'yung mga taga-ibang bayan pa; at 'yung—'yung mga taga-rito, ang kasunod, na mga taga-rito lang sa bayan.

235 Ngayon, sige't mauna ang mga taga-ibang estado, dito sa may altar. Wala po tayong ganoong kalaking espasyo rito. Pero sa palagay ko kung magagawa n'yo lang, kagaya ng kapatid na lalaki rito, na nakalinya siya, nang paganoon. Ang mga taga-ibang estado, at pagkatapos dadako tayo sa mga ito. At tapos atin nang, ang kasunod, tayo'y—tayo'y dadako muna sa mga taga . . . taga-ibang bayan, at pagkatapos ang kasunod ay 'yung mga taga-rito sa bayan. Pumila lang po para sa pananalangin. Ngayon . . .

Ngayon, *Only Believe*.

236 Ngayon marami po ang nakatayo. Ang ilan sa inyo, hayan nga't, pumarito, siguro, para masaksihan marahil ang bagay na gagawin ng Panginoon. Masdan n'yo at tingnan n'yo kung ano ang gagawin Niya. Hindi tayo nag-aalinlangan. Alam natin kung anong gagawin Niya. Ipangyayari Niya ang Salita na ito na maging totoong-totoo Ito. Siyanga, po. Makikita n'yo mismo ang gagawin Niya. Pagagalingin Niya ang mga may sakit at mga nabibigatang lubha. Paiigihin Niya ang kalagayan nila, sa pamamagitan ng Kanyang Kapangyarihan at sa pamamagitan ng Kanyang kaluwalhatian.

237 Ngayon hihilingin ko sa inyo na kung mamarapatin n'yo na gawin ang isang bagay para sa akin. Una po, gusto kong ang bawat isa sa inyo ay magkaroon mismo ng buong kapanatagan, pananampalataya, na sasampalataya na pagagalingin ng Diyos ang mga may sakit dito sa linyang ito.

238 Ngayon, sila po'y mga taga-ibang estado. Di sila mga taga-Indiana. Sila'y mula sa ibang estado. Ikinagagalak nga natin na

sila'y nakaparito sa atin, sa umagang ito, na nananampalataya sa Diyos.

239 Ngayon, ilan sa inyo ang nananampalataya na paiigihin ng Diyos ang kanilang. . . Kayo po na mga taga-rito lang sa estado, na nananampalataya na paiigihin ng Diyos ang kanilang lagay, itaas n'yo ang inyong mga kamay. Sabihin, "Nananampalataya ako, nananampalataya ako nang buong puso ko."

Ngayon kami po'y narito para tulungan kayo, minamahal na mga kaibigan.

240 [May nagsasabi kay Kapatid na Branham, "Kapatid, medyo mataas po, at di siya makasampa diyan sa entablado."—Pat.] Sige po't ipapanalangin ko siya. Bababa ako diyan sa kanya, kung ganoon.

241 Buweno. Gusto ko po na kayong mga minamahal kong mga tao rito, na nanggaling pa—nanggaling pa ng labas ng estado, ay sampalatayanan ito ngayon. Gusto ko pong sampalatayanan n'yo ito ngayon nang buong puso n'yo, na ako. . . Na si Jesus Cristo ang inihandang preparasyon para sa inyong kagalingan, na ipinarito ng Diyos si Jesus sa sanlibutan para sa inyong kagalingan.

242 Ngayon, alalahanin n'yo, wala po akong taglay sa sarili ko, na magagawa ko para pagalingin kayo. Pero heto ang tanging bagay na magagawa ko, ang sundin po ang utos ng Diyos na ibinigay sa akin, na gawin 'yun. At alam. . . Nakapakinig na kayo sa mga pagtitipon, na kung papaanong ang lahat ng ito'y ipinangyayari. Siyanga't, ipangyayari Niya 'yun. Ipangyayari Niya 'yun sa umagang ito para sa inyo, at maaari na kayong umuwi sa minamahal n'yong estado, na nagbubunyi't sinasabi sa mga tao ang mga mabubuting bagay na ito na ipinangyari sa inyo ng Diyos.

243 Ngayon, ang paglakad ng mga lumpo, pagkakita ng mga bulag, pagkarinig ng mga bingi, pagsasalita ng mga pipi, lahat ng mga bagay na ito'y sadya ngang sa Kapangyarihan ng Diyos na ipangyari ito. Ngayon gusto ko pong sampalatayanan n'yong lahat 'yan nang buong puso n'yo. Ngayon, ang tanging bagay lang na gagawin ko, ay mananalangin ako't magpapatong ng mga kamay sa ibabaw n'yo, mananalangin ng pananalangin ng pananampalataya. At kinakailangan n'yong tanggapin 'yun sa batayang 'yun, ng nabubong Dugo ni Jesus Cristo, at ang Diyos ang bahalang gumawa ng iba pa rito para sa inyo. Inyo na po bang sinasampalatayanan 'yan ngayon, nang buong puso n'yo? Maghanda po kayong tanggapin ito. Manampalataya nang buo n'yong puso. Ang Salita, unang-una, ay kinakailangan na nasa puso n'yo, para gawin ito. Sige po.

244 Ngayon ipinamamanhik ko na ang bawat isa'y tumaimtim po ngayon, o humiging nang taimtim, kung gusto n'yo, habang mananalangin tayo bilang isang buong kongregasyon. Tapos,

isa-isa, at heto si Kapatid na Neville na papahiran ang mga tao ng langis, habang sila'y lumalapit sa akin para maipanalangin. Sige po.

245 Ngayon iyuko na po natin ang ating mga ulo, saan mang dako. At bawat ilang minuto'y ipapaangat po namin sa inyo ang inyong ulo.

246 Ngayon, Makalangit na Ama, pinasasalamatan Ka namin, sa umagang ito, para kay Jesus. At hetong nakatayo, sa pila na ito sa umagang ito, ang sari-saring mga karamdaman. Ikaw po ang nakababatid kung anu-ano ang mga ito; di ko po batid. Pero, sa abot ng aking kaalaman, Panginoon, ay sinikap kong sabihin sa kanila na Iyo nang inilaan ang kanilang kagalinga't inihanda na. Ang ilan po marahil sa kanila ay bilang na ang araw at mamamatay na. Pero, Ama, nakakapagpabago ng mga bagay-bagay ang pananalangin. Nanalangin si Hezekias noon, matapos na (ang Diyos) Ikaw ay nagsugo ng propeta Mo roon at sinabi sa kanya na siya'y mamamatay na; pero nanalangin nga siya, at itinulot Mo pang mabuhay siya.

247 Ngayon, Panginoon, ako'y nananalangin nang buong puso ko, para sa mga taong ito, na Iyong itulot pa na sila'y mabuhay, para sa isang layunin, Panginoon, para sa Iyong kaluwalhatian, na maipagsasabi nila sa iba, at ang mga ibang ito'y ipagsabi rin sa iba pa. Ang Araw ng Panginoon ay hetong napipinto na, at kinakailangan na nga naming magtumulin. At nalalaman po namin na ang Ebanghelyong ito'y dapat na maipangaral sa lahat ng mga dako.

248 At Iyo pong tulungan kami, sa araw na ito, ngayon. At Iyo pong pahiran ang Iyong mga lingkod dito. Iyo pong pahiran ang gusaling ito nang panibago at lubos ngayon. Ang dakilang Anghel ng Diyos ay kumilos nawa ngayon nang may dakilang kapangyarihan. Ikaw po'y kumilos sa mga pilang narito, na di man nakikita, pero napagkikilala na Ikaw po'y narito. At akin pong idinadalangin na Iyong pagagalingin ang bawat isa, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

249 Ngayon habang nakayuko ang inyong mga ulo, ang bawat isa, marahan ngayon, Only Believe, nang marahan po, habang tayo. . . si Kapatid na Neville ay nagpapahid sa mga may sakit, at pinalalapit sa akin. "O-. . . "

[May isa na nakikipag-usap nang pabulong kay Kapatid na Branham—Pat.]

250 Bawat isa'y maging mapitagan ngayon. Heto po ang isang tao na nauutal, nabubulol. At may pagnanais siya na ipangaral ang Salita ng Diyos. Nagnanais siya na mapagaling siya nang sa ganoon ay maipangaral niya ang Salita ng Diyos. Hinihiling ko po sa inyo na maging mapitagan ngayon, at manampalataya na ang Diyos ay aalisin ang espiritung ito ng pagkautal mula sa lalaking ito, para sa kaluwalhatian ng Diyos.

251 Ngayon, Makalangit naming Ama, na nakatayo sa dako rito na munti't, lumang tabernakulo na payak ang pagkakagawa, pero, may pagkabatid mismo na ang Kaluwalhatiang Shekinah ng Diyos Na nananahan doon sa ilalim ng magkasugpong na mga pakpak ng mga Kerubin ay hetong nakatayo mismo rito ngayon. At sa puntong ito na ang aming mga kaluluwa'y inaalis ang maruruming mga bagay na ito ng sanlibutan na heto ito na dumudulog sa Kanyang Presensya, at nararamdaman namin at nalalaman namin na Siya'y nakatayo rito, dumudulog po kami nang may kapanatagan, yamang nalalaman namin na amin na ngang. . .nalalaman ito, na kami'y mamamatay kung di lamang sa kaluwalhatian ni Cristo ngayon, na anupa't ang Kanyang nabubong Dugo ay gumawa ng daan. Kaya naman magagawa na naming lumapit, siyanga, nang may kapanatagang dudulog sa Iyong Lulklukan sa ilalim ng magkasugpong na mga pakpak ng krus.

252 Diyos, heto po ang isang lalaki rito, mainam ang itsura, malaki, matipuno ang itsura na lalaking nakatayo rito, na may pagnanais na ipangaral ang Ebanghelyo. Napaka maluwalhati ngang bagay! At sa kabila nun, heto nga si Satanas na binigyan siya ng pagkabulol, nauutal na tinig. Pero ninanais nga niya na maalis 'yun, ngayon, nang sa ganoon ay maipangaral niya ang Ebanghelyo. Oh Walang Hanggang Diyos, nalalaman po namin na gumamit Ka noon, sa mga kapanahunang nagdaan, ng mga nauutal at nabubulol. Hayan nga't ang lalaking ito'y nagnanais na makawala, dahil ikinahihiya niya 'yun. Kaya, sa araw pong ito, sa pamamagitan ng kabutihan ng Panginoong Jesus, sa pamamagitan ng inilaang programa ng Diyos at daan, sa pamamagitan ng patotoo ng Espiritu Santo at Presensya ng Diyos, at bilang Kanyang lingkod, ay ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanya at sinasaway ko ang espiritung ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, nawa'y umalis na ito sa kapatid kong ito. At nawa'y ang masamang bagay na ito'y umalis, na maka hahadlang sa Ebanghelyo. At nawa nga'y humayo ang lalaking ito at makapangaral ng Ebanghelyo, na may buo't malakas, na walang depektong tinig, sa ikaluluwalhati ng Diyos.

253 Panginoon, ipinapatong ko po, ang mga kamay kong ito, sa kanya, dahil ito ang Iyong atas. Ito ang Iyong atas na gawin. Sa pamamagitan ni Jesus Cristo, Iyo ngang ipagkaloob ito, para sa ikaluluwalhati ng Diyos.

254 Hinihiling ko po na ang bawat ulo'y yumuko, at wala pong mag-aangat ng kanilang ulo hanggang sa marinig n'yo akong sabihin ito, kung maaari po.

255 Espiritu Santo, pagalingin Mo po ang kapatid na lalaking ito rito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa Kaluwalhatian ng Diyos at sa Ebanghelyo.

At sinasaway kita, ikaw na masama. Lumisan ka, sa Pangalan ni Jesus.

256 Ngayon, kapatid ko, naniniwala ako na maipapangaral mo na ang Ebanghelyo. Naniniwala nga ako. At naniniwala ako na magagawa mo na 'yun nang hindi na nauutal, di na nabubulol. Gusto kong sabihin mo, "Purihin ang Panginoon," [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Purihin ang Panginoon."—Pat.] "Hallelujah." ["Hallelujah."] Hayan nga. "Iniibig ko ang Panginoon." ["Iniibig ko ang Panginoon."] "Pinupuri ko Siya." ["Pinupuri ko Siya."]

257 Kita mo, naiba na. [Nakikipag-usap ang kapatid na lalaki kay Kapatid na Branham—Pat.] Ngayon patabihin n'yo muna siya rito, habang kakausapin kita maya-maya. Diba't mabuti na ang pakiramdam mo, iba na nga ang pakiramdam. Siyanga. Dahil ipinagkaloob na ito sa iyo ng Panginoon, at wala na nga ito sa iyo. ["Amen."] Haya't mainam na . . . Di po ba . . .

258 Sabihin mo ito, "Iniibig ko si Jesus." [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Iniibig ko si Jesus."—Pat.] "Purihin ang Diyos." ["Purihin ang Diyos."] Naniniwala ako na di na 'yun babalik pang muli.

Ngayon panatilihin n'yo lang na nakayuko ang inyong mga ulo. Pakinggan n'yo ang lalaking ito.

259 "Iniibig ko si Jesus." [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Iniibig ko si Jesus."—Pat.] "Purihin ang Diyos." ["Purihin ang Diyos."] "Ipangangaral ko ang Ebanghelyo." ["Ipangangaral ko ang Ebanghelyo."]

260 Wala na ngang pagkautal pa. Magaling na siya. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Humayo ka na sa iyong daan ngayon, na nagbubunyi.

261 Ngayon iangat po natin ang ating mga ulo at magbigay ng papuri sa Diyos, sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus." [Sinasabi ng kongregasyon, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus," at pinapupurihan ang Diyos.—Pat.] Heto ngang hahayo na ang isa pong lalaki sa pagmi-ministeryo, para ipangaral ang Ebanghelyo, na dating pautal-utal.

262 Anong sinabi noon ni Moises? "Ako'y taong makupad sa pananalita. May nauutal akong labi," at kung ano pa.

Sabi ng Diyos, "Sino bang gumawa ng labi ng tao?"

263 Nananampalataya na ba kayo ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Manampalataya po ngayon.

264 Maaari n'yo po bang iyuko uli ang inyong mga ulo ngayon, para sa isa pang tao. Ang lahat po'y manalangin na ngayon. Maging mapitagan po.

265 Ngayon, ang inyo pong sakit, kapatid na babae? [Sinasabi ng kapatid na babae, "May sakit po ako rito sa tagiliran ko; may pagkanerbiyos."—Pat.] Saan ka pa nanggaling, kapatid na

babae? ["Hamilton."] Hamilton, Ohio. Nananampalataya ka ba na uuwi kang, maigi na ang lagay?" ["Opo. Nananampalataya po ako."]

266 Ngayon, ang ginang ay may pananakit sa tagiliran niya, at nanggaling pa siya ng Hamilton, Ohio. At malubha ang kanya ngang pagkanerbiyos. Marahil di n'yo nga makikita kung may magiging pagbabago ba, pero gagawin at gagawin 'yun mismo ng Diyos ano't anuman. Lilisanin siya ng mga pananakit, ako nga'y nananampalataya; kung makasasampalataya ka, kasama ko.

267 Ngayon, minamahal na Makalangit na Ama, sa pagkilala rito, na sa isang dako rito'y naritong, nakatayo ang Panginoong Jesus. At ang kapatid naming babaing ito'y nanggaling pa sa malayo para makapunta rito't maipanalangin. Siya nga'y may mga pananakit sa kanyang tagiliran, may pagkanerbiyos. Pero, Ikaw, Panginoon, na Siyang nagbangon kay Jesus, at gumawa nung paghahanda . . .

268 At kung babalikan, mga ilang taon na rin ang nakararaan, noong ako'y isang munting batang paslit, na nakatayo sa ilalim nung puno na 'yun, sinabi Mo, "Huwag kang maninigarilyo, o iinom ng alak, o dudungisan ang iyong katawan kailanman. May inilaan sa iyong gampanin na iyong gagawin sa pagtanda mo." Heto na nga ito ngayon. Iyo mismong pinagtibay 'yun sa pamamagitan ng isang Anghel ng Liwanag. Nagpadala Ka rin mismo ng mga hayop na ipapanalangin. Kumilos Ka sa palibot ng buong mundo dala-dala ang isang rebaybal, gaya ng Iyong ipinangako sa may ilog dito, na Iyo po itong gagawin.

269 At heto pong nakatayo rito ang isang babae, ngayon, para mapagaling. At, Ama, sa pamamagitan ng mayamang Dugo ni Jesus, sa pamamagitan ng pangangaral ng Salita, ipinapatong ko po ang aking mga kamay sa kapatid na babaing ito at siya nga'y mapagaling batay sa Salita ng Diyos at pananampalataya niya. Sinasaway ko po ang bagay na ito na bumabagabag sa kanya, ang malaong anino na ito ng kadiliman na nagpapa nerbiyos sa kanya. Pinalalayas ko mismo ito mula sa kanya, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, simula mismo ngayon.

270 Satanas, di mo na siya masasakmal pa nang matagal. Siya nga'y nanggaling pa sa malayo. Uuwi siya na di ka na kasama. Wala ka na, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na Anak ng Diyos.

271 "Ang pananalanging may pananampalataya ay magliligtas sa mga maysakit." Ikaw po mismo ang may sabi nito, Diyos, at ang ginang na ito'y gagaling siya. Pinaaalis namin ang kaaway ngayon; isinasamo ang Dugo ng matuwid na Panginoong Jesus, sa pagitan ng ginang na ito't ng kaaway, sa Pangalan ni Jesus.

272 Ngayon, mukha ngang di ito kita sa panlabas. Pero ikaw—ikaw mismo'y mararamdaman ito na pinagaling ka na. Hindi po ba, kapatid na babae? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo, nararamdaman ko."—Pat.] Wala na ang pananakit sa tagiliran

mo. Wala na ito. Payapa't maigi na mismo ang pakiramdam mo. ["Kahanga-hanga!"] Ngayon heto nga.

273 Heto po ang ginang na ito. Maaari n'yo nang iangat ang inyong ulo. Na mula pa ng Ohio, na may pananakit na 'yun sa kanyang tagiliran. Ang sabi niya, "Lahat ng pananakit ay wala na." Yung pagkanerbiyos niya'y humupa na. Katulad kanina dun sa lalaki. . .Tama po ba, kapatid na babae? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tama po."—Pat.] Ngayon uuwi ka na sa inyo na magaling na. Si Jesus, na Anak ng Diyos, Na narito ngayong umaga, ay pinagaling ka na. ["Siyanga. Salamat sa Iyo, Jesus."] Maging magiting kang lingkod para sa Kanya. Pagpalain ka ng Diyos. ["Salamat po."]

274 Ngayon sabihin n'yo, "Purihin ang Panginoon." [Sinasabi ng kongregasyon, "Purihin ang Panginoon."—Pat.] Ano kaya kung kayo ang may karamdaman na 'yun? Buweno.

275 Ngayon maaari na po ba nating iyuko muli ang ating mga ulo, sa kaunting . . . para sa pagdulog na panalangin. Sige po.

276 Ngayon tayo'y . . .?. . .Ngayon, sige po, ano po ang inyong kahilingan? Oh, . . .?. . .Oh, para po bang may nangiwi dun. Oh, naku! . . .?. . .[Si Kapatid na Branham ay nakikipag-usap nang pabulong sa may entablado—Pat.]

Ngayon, ang bawat isa'y maging mapitagan po, kung mamarapatin n'yo.

277 Ngayon, Makalangit naming Ama, heto ang isang munting binibini na dumudulog, na hindi matulungan, ng mga doktor. Ginawa na ng mga doktor ang lahat ng alam nilang magagawa. Ang mukha nga ng ginang ay may naipit, na ugat, may kung anong nangyari na masama. Ang mga doktor, sinisikap nilang hanapin ito, pero di nila mahanap kung bakit di gumagana 'yung ugat na 'yun nang tama. At, dahil po roon, buo po niyang katawan ay lipos ng karamdaman. Tunay, Panginoon, hindi po ba't ganoon mismo ang kalagayan ng mundo ngayon! Pero, ang makita nga mismo, na siya'y nakatayo rito, na walang pag-asa, sa Iyong Presensya. Heto nga, bilang Iyong lingkod, akin po siyang isinasamo sa Iyo, kamit ang lahat ng pananampalataya na nalalaman ko kung paano. At yaman mismong nalalaman na si Satanas ito na puminsala sa ugat na 'yun, may kung anong bagay na di makita na di mahanap nung mga doktor, dahilan ng pagkangiwi ng kanyang mata't mukha dahil sa ugat na 'yun. Pero Iyo pong magagawa na alisin 'yun, Panginoon, dahil Ikaw ang Diyos na Jehovah. Ikaw nga ang naglaan ng handog doon sa Kalbaryo, at tinatanggap namin ito ngayon.

278 Umalis ka, ikaw na espiritu, na nagpapangiwi sa kanyang mukha, ikaw na nagpapahirap sa kanyang katawan. Kami'y sumusulong sa Pangalan ni Jesus, na may panunumbalik mula sa Kalbaryo, mula sa Salita, at sinasaway ka namin. Inaangkin namin na di ka na magtatagal pa. Sinubukan ng ginang na ito

ang mga doktor, at ginawa na nila ang lahat ng nalalaman nila kung paano ba, pero nagtago ka sa mga doktor. Pero hinding-hindi ka nga makatatago mula sa Diyos. Nakikilala Niya kung sino ka. Kaya naman, bilang Kanyang lingkod at Kanyang kinatawan, sinasabi ko nga sa iyo na lisanin mo ang kapatid kong babaing ito. Lumabas ka sa kanya. Sinabi ng Salita ng Diyos, "Kung magpapatong sila ng kanilang mga kamay sa mga may sakit, sila'y magsisigaling," kaya naman talunan ka na ngayon sa katubusan na 'yun sa Kalbaryo. Lumabas ka sa babaing ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Siya'y pinalalaya ko mula sa iyo, sa pamamagitan ng atas ni Jesus Cristo, na amin ngang patungan ng mga kamay ang mga maysakit at palayasin ang masasamang espiritu. At ika'y masama, at kaya't lisanin mo siya. At uuwi siyang maayos na ang lagay, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

Ngayon habang nakayuko pa ang inyong mga ulo nang ilang sandali pa.

279 Ngayon, Gng. Kinzer, sa tingin ko'y 'yun ang pangalan mo. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Uh-huh."—Pat.] Wala ngang anumang bagay mismo, haya't tanging sa pananampalataya mo lamang, para matigil ang paghilab, nang ipanalangin natin, ang bahaging 'yan. Pero naniniwala po ako, nang buong puso ko, na maayos na ang lagay mo't, magaling ka na. Ito ngang bahaging *ito* rito, dito mismo sa bahaging ito ng iyong mukha. Ngayon sumadya ka nga rito. Saan po kayo nanggaling pa? ["Boston, Kentucky."] Boston, Kentucky.

Puwede mo bang iangat ang iyong ulo.

280 Ang ginang po, sa bahaging *ito* ng kanyang mukha, may kung ano siya rito mula sa kanyang lalamunan na humihilab, na pumipintig-pintig nang taas-baba, isang ugat. Ano po 'yun? Katulad nga 'yun nung binanggit dun sa Biblia, "Lumabas ang espiritu ng pagkabingi mula sa isang lalaki." Hindi 'yun makita ng doktor dahil sa kung anong—kung anong pagkilos 'yun nung ugat. Naroon pa rin naman 'yung ugat, pero may kung ano nga roon sa loob ng ugat, na nagpapapintig dun at tuluy-tuloy 'yun. Di nga 'yun makita-kita nung mga doktor, haya't ganoon nga, dahil. . . [Sinasabi ng kapatid na babae, "Nagpatingin na ako sa labing-tatlo."—Pat.] Nagpatingin na po raw siya sa labing-tatlong iba't ibang doktor. At ngayon pinatigil na ito ni Jesus Cristo, at hayan nga siya sa harapan mismo n'yo. At iigi mismo ang lagay niya. Siya'y magiging maayos na ngayon.

281 Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na babaing Kinzer. [Nakikipag-usap ang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Pagpalain ka ng Diyos.

282 Mangyaring kaarawan din niya ngayon, at ang sabi pa'y, "ang pinaka masaya" niya kailanman. Tingnan n'yo po siya sa kanyang pagbaba riyan. Hindi po ba't kahanga-hanga talaga?

Sabihin natin, "Salamat sa Diyos." [Sinasabi ng kongregasyon, "Salamat sa Diyos."—Pat.] Salamat sa Diyos!

283 Ngayon, iniibig po natin ang minamahal nating Panginoong Jesus nang buong puso natin. Dito sa tabernakulo, natutunan natin na ibigin Siya, at pagkatiwalaan Siya para sa lahat ng pangangailangan natin.

284 Ngayon, salamat sa pananatili ng inyong ulo na nakayuko. At ngayon dadalhin na nila rito ang kasunod na pasyente, habang iniyuyuko n'yo ang inyong ulo't nananalangin. Kalakip din dito ang inyong mga panalangin, siyanga.

285 Kayo po si . . . [Sinasabi ng kapatid na babae, "Gng. Brown ng Lima, Ohio."] Uh-huh. At ano pong . . . [" . . . ? . . . "] Sige po. At ano pong suliranin mo? [" . . . ? . . . "] Uh-huh. Ito ba, kayo'y—kayo'y bingi o parang ganoon, sa iyong . . . ? . . . [" . . . ? . . . "] Uh-huh. [" . . . ? . . . "] Sige po, ginang. [" . . . ? . . . "] May kung anong mga bukol o parang ganoon? Sige po. At kayo po'y taga-Ohio?

286 Ang kapatid na babae po'y nanggaling pa ng Ohio. Ang suliranin po niya'y sa tainga niya. Ang mga ito'y . . . Pumutok at tumutulo, at nagdudulot 'yun ng maraming abala sa kanya. At nananampalataya tayo na kayang gapiin ito ni Jesus, o ito'y ginapi na mismo. At tayo'y umuusad ngayon para angkinin ang kanyang katagumpayan sa Kalbaryo.

287 Ngayon, aming mabuti't, Makalangit na Ama, dinadala po namin sa Iyo ang minamahal naming kapatid na babae na nanggaling pa ng Ohio, na narito, ngayon, para mapagaling. At nang buo kong puso, at tuluy-tuloy na mga pananalangin sa buong magdamag, hinihiling ko po sa Iyo, Panginoon, na gawin ang mga bagay na ito. At nababatid ko na madali pong humingi sa Iyo, yamang sinabi Mo na Iyo itong gagawin. At ako—ako'y sadya ngang abot-abot ang pasasalamat na Iyo itong ginawa.

288 At ngayon idinudulog po namin siya sa Iyo, sa liwanag ng krus ng Kalbaryo, kung saan si Jesus, ay nakatayo roon, na gumawa ng—ng pagtutubos. Ganoon na lamang na nabayubay Ka sa pagitan ng kalangitan at lupa, ipinagkakasundo ang nasa Langit sa mga nasa lupa, sa pamamagitan ng pagbubo ng Sarili Mong Dugo. Ganoon nga na itinaas Ka mula sa lupa! Namatay Ka sa pagkabayubay sa ere. At doon nga'y tumulo ang Dugo sa ibabaw ng lupa, para matuluan ng dugo ang lumang krus ng Kalbaryo. Doon Mo sinamsam ang mga pamunuan. Doon Mo kinuha pabalik galing kay Satanas ang lahat ng inagaw niya. Binawi Mo 'yun, at ipinagkaloob sa mga anak ng Diyos, ang pagmamay-ari na narapat talagang para sa kanila. Doon Mo kami binigyan ng Walang Hanggang Buhay. Doon mo ibinigay ang pangako ng pagkabuhay na mag-uli. Oh Makalangit na Ama, 'yun mismo ang nagbayad ng halaga!

289 At, ngayon, binayaran Mo na ang kagalingan niya. At ako po'y tumatayo bilang Iyong lingkod, kasama ang ilan pa po rito

na daan-daang mga lingkod sa gusaling ito. At sinasaway nga namin ang diyablong ito na nagpapahirap sa aming kapatid na babae. At heto nga, sa pamamagitan ng katuwiran ni Cristo, sa pamamagitan ng Kanyang utos sa Kalbaryo, pinalalayas ka namin mula sa kapatid naming babae na ito. At pinauuwi siya sa kanyang tahanan sa Ohio, na ang mga ito'y di na magbukol at pumutok pang muli, na siya'y pagagalinging lubusang buo. Sa pamamagitan ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, amin nga itong hinihiling. Amen.

290 Ngayon, kapatid na babae, kung. . .Haya't, kung ipapakita, di mo nga 'yun maipapakita. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Siyanga."—Pat.] Pero, sinasampalatayanan mo ito, hindi ba? ["Siyanga. Sinasampalatayanan ko ito."] Sinasampalatayanan mo. Sige po't hinihiling ko na lumakad ka roon.

291 Ngayon, sa inyo, maaari n'yo nang iangat ang inyong ulo. Ang kapatid nating babae rito'y di siya makakapagpakita ng kahit ano, dahil di naman 'yun tumutulo nung sandali na 'yun, 'yung kanya ngang tainga. Pero taglay-taglay natin, ngayong umaga, ang kapanatagan, sa puso ko at sa puso niya, at, tiyak din ako, na maging sa puso n'yo, na pinagaling na ng Diyos ang kapatid nating babaing ito. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yun? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Amen. Amen. Salamat sa Iyo, Jesus." Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] At magiging patotoo mismo ito.

At pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Amen. Salamat sa Diyos!

292 Ngayon maaari bang iyuko natin uli ang ating mga ulo, habang mananalangin tayo sa isa pa.

293 Buweno, kapatid na babae, nakikita nga kita riyan na naka saklay ka, haya't hanggang dun lang ang nalalaman ko.

294 Ngayon maaari na ba tayong manalangin. Iyuko n'yo lang ang inyong ulo, pansumandali, habang nakikipag-usap ako sa kapatid na babaing ito.

295 Ngayon, ano pong suliranin mo, kapatid? [Nakikipag-usap ang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Siyanga, po. At ito po ba'y—ito po ba'y nangangatog, tama po ba 'yun? [". . .?. . ."]. . .?. . .Mataas na presyon ng dugo. Siyanga, po. At isa ka kamong Cristiano? ["Siyanga, po."] Siyanga, po. At ikaw ba'y nananampalataya na ngayon na dumudulog ka mismo sa Panginoong Jesus, kapatid na babae? ["Opo."]

296 Ngayon, ang kapatid po nating babae ay may mahihinang bukong-bukong. Lumalakad siya na may—may—may saklay na pangsuporta. At may altapresyon siya, at—at napakarami ring mga dipirensiya sa kanya. Atin siyang dadalhin kay Jesus, sa oras na ito, para sa kanyang kagalingan. Kayo po'y manalangin ngayon, na ang panalangin n'yo ay makaabot para sa kanya.

297 Ngayon, minamahal po naming Makalangit na Ama, ang minamahal naming kapatid na babae'y nakatayo rito, gayong isang batang-bata pang babae. Pero, maibubunsod ni Satanas na bigyan siya ng stroke kung magagawa niya; iraratay niya ang kapatid doon, sa banig ng karamdaman. Ibubunsod niya na mawaglit siya sa atas, kung magagawa niya, dahil di niya nais ang patotoo ng kapatid na ito. "Bakit nangyari ito sa isang Cristiano? Bakit?" Di nga natin maiiwasang itanong, o itanong nila na mga hindi nakauunawa. Pero, Ama, batid po namin na ito'y para sa Iyong kaluwalhatian.

298 Sinabi minsan, "Sinong nagkasala; ang binata bang ito, o ang kanyang nanay, o kanyang tatay?"

299 Sinabi Mo, "Wala sa kanila, bagkus upang ang mga gawa ng Diyos ay maipakita."

300 Ganoon nga ang pananampalataya namin sa kapatid na babaing ito, ngayong umaga. Naniniwala kami na 'yun ang dahilan kung kaya't ang mga bukong-bukong niya'y nalagay sa ganoong kondisyon. Naniniwala po kami na 'yun ang dahilan kung bakit tinamaan siya ng altapresyon, nang sa gayon Iyo mismong maipakita sa kanya ang Iyong pag-ibig at kabutihan sa kanya, na mapatunayan Mo mismo sa kanya na Ikaw nga si Jehovah na Siyang nagpapagaling ng mga karamdaman.

301 Diyos, idinadalangin po namin na ang altapresyon na ito'y bumaba sa ganitong lebel, na sasabihin ng mga doktor, "Anong nangyari sa iyo?"

Tapos, dun sa doktor, sasabihin niya, "Pinagaling ako ni Jesus."

302 Dalangin namin, Diyos, na ipangyayari Mo na makalakad na siya sa mga bukong-bukong niya na wala nang suporta. Na siya nga'y makapaglakad at makapamuhay at—at maging gaya ng ibig niya. At, Ama, ang Salita'y binigkas na, gayong Ito ma'y sa kasimplehan at sa paputol-putol na paraan, pero tiyak nga na Ito'y tumimo mismo sa puso. . . sa isang dako sa mga puso ng mga Cristiano. At ngayon heto na po siya na nakatayo rito. Siya po'y naghihintay sa kanyang kagalingan. Ikaw nga'y di mawawaglitan ng isa mang tao. At dalangin ko, Makalangit na Ama, na Iyong pagalingin ang kapatid naming babaing ito at siya'y paigihin ang pakiramdam.

303 At ngayon, bilang lingkod Mo, na isa na sumasampalataya sa Iyo, kasama ng ilan pa rito na mga lingkod Mo, na nakayuko sa pananalangin. Dinudulog nga namin ang kapatid naming babaing ito sa Kalbaryo; sa dakong nabayubay ang Panginoong Jesus. Oh, ganoon na lamang kahang-hanga! Nabayubay roon, ang lupa'y nasa ilalim Niya, ang langit nama'y sa ibabaw Niya, ipinagkakasundo ang Diyos sa tao na maglakip. At kami nga'y lumalapit sa Kanyang Pangalan.

304 At ang bagay na humahadlang para ang babaing ito na maging lingkod na ganap nang pinagaling, ay ang diyablo. At doon nga, Jesus, Iyong tinanggalan siya, at Iyong. . .kinuha ang bawat legal na karapatan na hawak niya, palayo sa kanya. At ngayon siya'y nagpapanggap na lamang, at di nga namin 'yun iintindihin. Di po namin 'yun iintindihin, dahil ibinigay na ni Jesus Cristo na Anak ng Diyos ang. . .pinagtibay 'yun. Kanya mismong sinabi na matatanggap namin, at sinasampalatayanan namin 'yun. At ipinanunumbalik namin ang bagay na sinisikap ng kaaway na ipagkait sa aming kapatid na babae. Ibinibigay namin sa kapatid na ito ang kanyang kalusugan. Iwinawaglit namin ang kahinaan na ito mula sa kanyang mga bukong-bukong. Kinukuha namin ang altrapresyon na bumalik na 'yun sa normal, at sinasaway namin ang diyablo na gumawa nun, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa liwanag ng handog sa Kalbaryo.

305 Lumabas ka mula sa kanya, Satanas. Isa kang masama, at di mo na siya masasakmal pa mula ngayon.

306 At sa Iyo po, Panginoon, na Siyang nagbigay ng pangitain na 'yun nung isang gabi, at nagsabi, "Mangyayari ang mga bagay na ito." Ikaw nga'y Matapat, at di nabibigo. At akin ngang hinihiling ang kagalingan ng aming kapatid na babae, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo, na Siyang tatanggap ng lahat ng mga papuri't kaluwalhatian.

At habang nakayuko ang inyong mga ulo, bawat isa.

307 Ngayon, kapatid na babae, sa totoo lang, sa panlabas nga, aking. . .ang tanging bagay na masasabi ko, ay hayan nga ang iyong mukha, na kanina'y mapula't medyo namamaga nung dumulog ka rito kanina, wala na ito ngayon. Di ko alam kung nararamdaman mo ba ito. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Mas payapa na ang pakiramdam ko."—Pat.] Payapa na ang iyong pakiramdam at maaliwalas na. At ngayon sige't tingnan natin itong saklay mo rito, pansumandali. Naniniwala ako na di mo na ito kailangan pa, sige't lumakad ka lamang sa palibot dito na di na ito ginagamit pa. [". . .?. . ."] Lumakad ka lang, kita mo, lumakad ka lang sa palibot dito. Ngayon maigi na 'yan.

308 Ngayon gusto ko pong lahat kayo'y tingnan ito. Ang ginang po na talagang namumula ang mukha kanina, ay maaliwalas na ang pakiramdam niya. Tingnan n'yo ang itsura ngayon. Inyo ngang nakita 'yung mukha niya kanina, kung gaanong kapula 'yun kanina. At heto na siya. . .At normal na ang pakiramdam niya, na heto ang Diyos na pinagaling na siya't pinaigi na ang lagay niya. At, ang saklay niya, di na nga niya kailangan pa ito, saan man siya magtungo.

309 Sige't bumaba ka lang, kapatid na babae, sige't—sige't kunin mo lang 'yan at bitbitin, sadyang. . .siguro'y isabit mo na lang sa inyong bahay bilang paggunita, kita mo, di mo na kasi 'yan kakailanganin pa.

310 Sabihin natin, “Purihin ang Panginoon.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Purihin ang Panginoon.”—Pat.]

Sige po’t, iyuko natin ang ating mga ulo uli ngayon para sa pananalangin.

Sige po’t, palapitin n’yo lang ang kapatid na babae.

311 At ano pong suliranin n’yo, kapatid na babae? [Nakikipag-usap ang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Oh. [“. . .?. . .”] Oh. Saan po pala kayo nanggaling pa? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Madisonville, Kentucky.”] Madisonville, Kentucky. Gng. Jackson.

312 Ang kapatid na babaing ito’y may artritis, at may suliranin sa loob na malubha po ang lagay. At di ko nga mawari kung anong mangyayari kung di siya pagagalingin ng Diyos. Siguro kakailanganin niya ng pag-oopera, at napaka delikado nun sa edad na ito, kaya manalangin tayo na ang Diyos ay mahabag at siya’y pagalingin.

313 Kay buti-buti naming, Makalangit na Ama, idinudulog po namin sa Iyo, sa araw na ito, ang minamahal naming kapatid na babae, na nanggaling pa ng Madisonville, Kentucky, sa dako rito para maipanalangin. At Ikaw nga ang Tagapagpagaling, na Makalangit. At aking dinadala siya sa walang tutumbas Mong kapangyarihan, at sa Iyong dakilang Presensya, siya. . . Sa Iyo pong Kapangyarihan at Iyong Presensya, para sawayin ang di kanais-nais na artritis na ito na nagbubunsod ng deposito ng mga calcium sa buong palibot ng mga buto niya sa kanyang mga daliri, na nagbubunsod ng deposito ng mga calcium sa mga bukong-bukong at mga tuhod.

314 Heto siya na nakaratay, nakaratay sa isang higaan, may nagpapakain na lang sa kanya sa pamamagitan ng tubo. Oh, ikaw na masamang espiritu, ibinubunsod mo na ang buhay niya’y maagaw sa kanya, dahil sa iba’t ibang karamdaman pa rito. Pero dinadala nga namin siya, ngayon, kay Jesus Cristo.

315 At, Oh, Diyos, upang palakasin pa ang pananampalataya kong taglay para sa kanya ngayon, yamang nababatid na ang pananalangin na kalakip ang pananampalataya ay idinalangin na! Sinasaway ko ang diyablo, pinalalayas ang diyablo mula sa kanya, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na Anak ng Diyos; siya nga’y mapalaya na nawa sa artritis at lahat nitong sari-saring mga karamdaman, na siya’y makauwi na sa kanyang tahanan at pinagaling na, at magbibigay ng patotoo sa buong bansa, tungkol sa kaluwalhatian ng Diyos.

316 Satanas, nawaglit ka sa katagumpayan, at si Jesus Cristo na ang nagtagumpay. At ang kapatid na babaing ito’y nawa’y umigi na ang lagay, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Amen.

317 Kapatid na babae, minamahal, marahil wala pong patunay na puwedeng maipakita sa mga tao, pero naniniwala po ako na

ika'y magaling na talaga. Tumayo ka, para makita kung ikaw nga'y maigi na ang kalagayan, mula sa artritis mo. Maigi na ba ang lagay mo ngayon? Ngayon heto nga na nakikita n'yo siya na naigagalaw na niya ang kanyang mga paa, halos. Sige po't lumakad ka lang dito ngayon, na para ngang isang munting, binibini na nasa kabataan pa, na kahit di ka na't di ka na . . .

318 Sige po't purihin natin ang Panginoong Jesus para sa lahat ng Kanyang kabutihan at kaawaan!

319 Ngayon maging mapitagan po, ang bawat isa, habang tayo po'y mananalangin. At ngayon sa kaunti pa pong sandali, at atin ngang . . . pagkatapos na maipanalangin natin ang sanggol na ito, haya't magpapahinga po muna tayo nang kaunti, tapos kayo'y makauuwi na. Siguro'y tatlong minuto pa, pagkatapos nun magpapahinga muna tayo nang kaunti, at pagkatapos ay mag-uumpisa uli tayo sa ilan pang mga tao. Sige po. Ang bawat isa po'y maging mapitagan na ngayon. Sige po.

320 Ang sanggol bang ito'y gusto n'yong maipanalangin? At nais n'yo rin bang maipanalangin, din? Kapatid na Wilson, akin pong ikinagagalak na makamayan ka mismo. At ang sanggol mo'y . . . [Nakikipag-usap ang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Oh, nauunawaan ko. Oh, sige, nauunawaan ko. Parang may kasamang kombulsyon. Nahulog kasi. ["Nahulog po."] Tumama 'yung munti niyang mukha, doon. Buweno, sige, kapatid na babae, makasasampalataya ka po ba (at sa iyo rin, Kapatid na Wilson) ngayon na maiwawaglit ni Jesus ang bagay na ito sa inyong sanggol, at—at itutulot na siya'y gumaling?

321 Ngayon, ang munting sanggol na narito, may kung anong bagay na suliranin sa kanya. Nagkaroon siya ng kombulsyon, dahil sa pagkahulog. At ang munti nitong mukha, munti nitong mga mata, ay namamaga't nangingitim, at kung ano pa. At ang tatay ay nagnanais ng kagalingan, din. Ngayon, idinadalangin natin na ipangyari ng Diyos na mawaglit ang dipirensiyang ito mula sa munting sanggol na ito.

322 Ngayon, sa mga narito, nananampalataya ba kayo na ang ating mabuting, Makalangit na Ama, sa Kanyang habag, na ang munting sanggol na ito'y itutulot na umayos ang lagay, na di na ito magkaka kombulsyon pa, na lilisanin ito? Nananampalataya ba kayo, kung hihilingin natin ito sa ating Makalangit na Ama, na Kanya mismo 'yung gagawin? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige po.

Manalangin tayo.

323 At, Kapatid na Wilson, ano po ang sakit mo? Nakalimutan ko lang na itanong. [Nakikipag-usap si Kapatid na Wilson kay Kapatid na Branham—Pat.] Uh-huh. Nauunawaan ko. Marahil ganoon din sa suliranin ng sanggol, siyanga.

Sige po, ngayon ang lahat ay maging tunay na mapitagan ngayon.

324 Ngayon, kay buti-buti naming Makalangit na Ama, amin ngang isinasamo sa Iyo, una, sapagkat siya'y naunang nasilang dito sa mundo, ang tatay ng sanggol. At may masasamang mga bagay ang nangyari sa kanya. Ginagapi siya ng diyablo sa ilang maraming pagkakataon. Pero, ngayon, idinudulog namin siya sa Presensya ni Jesus Cristo, sa pamamagitan ng pamamaraan ng pananalangin. Idinudulog po namin siya sa Kalbaryo, kung saan, doon namatay si Jesus nang sa gayon kamtin Niya ang ganap na buong limang pandama. At dalangin namin, Diyos, na Ikaw po'y mahabag sa kapatid na ito. Heto, nananampalataya kami na ang mga bagay na ito na ginagawa namin ay batay sa Iyong Salita. Sinabi Mo, "Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng masamang espiritu." Sinasampalatayanan po namin 'yan. Gayong, madalas, may mga taong . . .

325 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . sinabi sa'kin ang isang bagay na dapat gawin, at may kung ano pa na sinabi. At di ko lang maalala kung ano 'yun na sinabi Niya, nung gumising na ako. Naaalala n'yo marahil 'yun. Nung isang gabi, sa pangitain, nung nagsalita Siya sa akin, "At ang mga bagay na ito'y di dapat gawin sa publiko. Kinakailangang gawin sa pribado." At si Kapatid na Cox, na nakatayo noon sa malapit, iminungkahi namin, marahil mainam na ganitong paraan ang pagpapalapit sa mga tao nang *paganito*, para matugunan ko nang isa-isa ang mga tao, sa—sa silid dalanginan dito, para ganapin ito.

326 Nung nakaraang Linggo, nung naparito ako, pinagawa ko muna 'yun dito sa tabernakulo. Pinayuko ko ang lahat, para makadako ako rito sa isang babaing lumpo, na nakaratay sa isang latag. At siya nga'y pinagaling.

327 At ngayong umaga, sabi ko, "Diyos, kung matutulungan Mo po ako sa kaunting sandali na ito, bago pa kumilos-kilos ang mga tao. Buweno, tulungan Mo po ako, bago pa, marahil kung magagawa kong panatilihin ang mga tao sa pagkakayuko, para di nila makita ito na ginagawa." Kita n'yo? Ang lahat . . .

328 At sa tuwing ilalagay ko . . . ipapatong ko ang mga kamay ko sa mga tao, hayan nga't bawat isa'y sinasabi nila, "Oh, akin nga Itong nararamdaman sa aking kamay." Kita n'yo, parang ganoon. At sa pagparito Nito, heto ngang ang mga tao . . . Kita n'yo kung anong kinahinatnan nun? Na naging ganap na karnal na panggagaya. Ganoon nga. Ang siya ring Espiritu Santo na sinabi sa akin na gawin 'yun, sinabing magkaka ganoon. Kaya alam kong mali 'yun.

329 Kaya doon nga'y sinabi Niya sa akin nung isang gabi, sabi, "Nakapagdulot ka na lumitaw ang mga karnal na panggagaya na ito, at sa ginawang 'yun." Sabi, "Kaya naman huwag mo na ngayon ipakita ito sa publiko."

330 At ’yun nga mismo ang ginagawa ko sa umagang ito, para maunawaan n’yo po. Makikita n’yo ngayon na ang sinabi ko mismo sa inyo ay katotohanan.

331 Masdan n’yo nga ngayon ang gagawin ng Panginoon sa mga rebaybal na ito na parating. Ito’y magiging higit, na sagana kaysa sa anupamang iba na nagawa noon. Antabayanan n’yo mismo ngayon. Alalahanin n’yo, hindi po ako bulaang propeta. Sinasabi ko lamang ang katotohanan. Hindi nagsisinungaling ang Diyos. At antabayanan n’yo nga kung di ba’t ito’y magiging higit sa anupamang naipangyari sa ibang panahon.

332 Ngayon, kayo na mga minamahal ko, marami sa inyo ang nakapila rito para maipanalangin. Atrasado na po ang oras. Ako’y. . .At—at alam ko—alam ko na nagnanais kayo mismo na maipanalangin. At ako ma’y gusto kong ipanalangin ang mga bagay na ito. Heto ang isang ginang na may batang babae na nakatayo rito; at may nanay na hawak-hawak ang isang maliit na sanggol; at—at lahat na; at naghahangad nga tayo na sila’y maipanalangin. Gustong-gusto nating gumaling sila. Di po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Gusto nating umigi ang lagay nila, bawat isa; ang maliliit na mga batang lalaking nakaluhod dito; at lahat ng mga nariyan sa likod, sa inyo; at sa inyo rito na may kanser, at malubha ang kalagayan, at malapit nang mamatay.

333 Ngayon, hindi po ba’t naniniwala tayo na narito mismo ngayon si Jesus? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Di po ba’t nananampalataya tayo na narito Siya? [“Amen.”] At atin nga ’yang sinasampalatayanan, nang buong puso natin, na ipangyayari Niya na ang bawat isa nga’y gumaling. Di po ba’t sinasampalatayanan n’yo ’yan? [“Amen.”] Mahal Niya tayong lahat. Hindi nagtatangi ang Diyos ng para sa isa lang.

334 Pagagalingin Niya ang munting batang babae na ito, hindi po ba’t gagawin Niya, sa kapatid na babae na may kasamang batang babae? Kanya ngang. . .[Sinasabi ng kapatid na babae, “Kanyang sinisimulan na.”—Pat.] “Sinisimulan na!” Pagpalain ang puso mo! Taga-saan ka, kapatid na babae? [“Crestwood.”] Crestwood, Kentucky. [“*Ito* pong ginoo rito’y ipinanalangin na ang batang babae, nung isang gabi, at siya nga’y umiigi nang umiigi ang lagay mula noon.”]

335 Oh, sabihin po natin, “Purihin ang Panginoon.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Purihin ang Panginoon.”—Pat.] Si Kapatid na Neville ay nagpunta’t, ipinanalangin, ang munting batang babae na ito.

336 Buweno, ang kasamahan ko rito, si kapatid—si Kapatid na Wood, siya’y taga-Crestwood. At ang kanyang. . .Kilala mo ba sila, Kapatid na Wood, siyanga? Huh? [Sinasabi ni Kapatid na Wood, “Oo.”—Pat.] Uh-huh! Isa po siyang kontratista sa lugar na ’yun.

[May nagsasabi, "Nakikita ko nga siya roon."—Pat.] Oo.

337 At ang munting sanggol dito, taga-saan po siya, kapatid na babae? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Gary, Indiana."—Pat.] Gary, Indiana. At nananampalataya ka na ang sanggol, sa—sa pagbalik n'yo sa Gary ay haya't magaling na siya, hindi po ba? ["Oh, opo."] Siyanga, nananampalataya ka. Sige po.

338 At taga-saan naman ang maliliit na mga batang lalaki na ito? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Austin, Indiana."—Pat.] Austin, Indiana. Nananampalataya ka ba na sa pagbalik n'yo roon ay haya't gagaling, ngayon, din, di po ba? ["Amen."] Siyanga't, sumasampalataya tayo.

339 Ang munting sanggol bang ito'y ipapanalangin din, kapatid na babae? Taga-saan po kayo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Indiana."—Pat.] Indiana. Saan po rito? ["New Albany."] New Albany. Nananampalataya ka ba na ang munting bata ay siya'y gagaling? Siyanga.

340 At nananampalataya ba kayo na ang lahat ng iba pang mga tao rito'y gagaling din, bawat isa? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon tayo po'y maglakip-lakip sa isa't isa, at sabihin, "Jesus Cristo, Ika'y buhay at naghahari!"

341 Oh, bulayin n'yo nga ang pinaka mataas na kapangyarihan ng Panginoong Jesus; na Kanyang magagawa na ang ganap na bulag na mga mata ng sanggol ay maimulat; na magagawa Niya na 'yung lalaking nauutal kanina . . . [Nagmuwestra si Kapatid na Branham ng tunog ng pagkautal—Pat.] . . . at tumayo rito at nakakapagsalita na nang di nahihiya't normal na; na Kanyang magagawa ang lahat ng iba pang mga bagay na ito. Ang Diyos ay Diyos! Hindi po ba't Siya nga? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."]

342 Kung tutuusin maliliit na bagay pa lang 'yan, kumpara sa mismong bagay na gagawin Niya. Siya'y gagawa nang higit, na dakilang mga bagay, at tuluy-tuloy na magpapangyari ng mga ganoon hanggang sa Siya'y dumating. Ganoon nga.

343 Ngayon sasabihin ko po sa inyo ang pag-uugali na dapat kayong lumakip doon. Lumakip kayo sa pag-uugali na ganito, "Jesus, Ikaw po'y narito. Akin na pong tinatanggap na mismo ang kagalingan. Sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko. At ngayon naipangyari na talaga ito."

344 At sa puso n'yo, katulad nga ito ng paglapit n'yo sa Kanya para maligtas, sasabihin n'yo, "Panginoong Jesus, isinusuko ko po ang lahat-lahat ko. Wala na akong anuman na makakaya kong gawin. Heto po ang aking puso. Heto po ang buhay ko. Ibinibigay ko ang sarili ko sa Iyo." Yun na lang ang natitirang bagay na dapat gawin. Pagkatapos sabihin, "Sumasampalataya po ako, Panginoong Jesus."

345 At bigla na lang, may Bagay na magsasalita rito, “Oo, ikaw nga’y sumasampalataya. Oo, ikaw nga’y sumasampalataya.”

346 Gaanong katagal nang may sakit ang sanggol mo, kapatid na lalaki? [Sinasabi ng nanay, “Nung pagkapanganak pa lang po.”—Pat.] Nung pagkapanganak pa lang. Ano pong suliranin sa bata? [Sinasabi ng tatay, “Mabagal ang paglago ng kanyang isip.”] Mabagal ang paglago ng isip? Tingnan n’yo, alam n’yo na diyablo ang may gawa n’yan. Siyanga. Diyablo ang may gawa. Magagawa ng Diyos na pagalingin ang munting sanggol na ito uli. Isipin n’yo po ’yun, dose-dosena na ang nasaksihan kong ganito ang kaso, na napaging normal at maayos na ang lagay ngayon. At hangad kong. . . Alam ko. May munting sanggol din ako, siyanga, at alam ko ang nararamdaman n’yo. At magpaka tatag lang kayo ng loob.

347 Pareho po ba kayong dalawa na mga Cristiano? Walang Cristiano sa inyong dalawa? Magagawa n’yo bang ibigay ang mga buhay n’yo kay Jesus, sa umagang ito, na nakatayo riyan, at mangangako na mabubuhay para sa Kanya, kung gagawin ng Diyos na ang munti n’yong anak na sanggol ay mapaigi ang lagay at maging normal na? Gagawin mo, gagawin mo, kapatid na lalaki? Gagawin n’yo. Gagawin mo, gagawin mo, kapatid na babae? Pagpalain kayo ng Diyos. Kayo ngayon ay magiging Cristiano na sa pagtanggap n’yo sa Panginoong Jesus bilang inyong Tagapagligtas. Ngayon tinatanggap natin Siya bilang tagapagpagaling para sa sanggol.

348 Ngayon, Makalangit na Ama, habang nakapatong ang mga kamay ko sa pinagpalang munting bata na ito. Heto po ang mga anak na bagong silang, ang tatay at ang nanay po nito. At naging daan ang sanggol na ito, na madala sila sa Buhay na Walang Hanggan. Marahil, kung hindi po nagkaganito ang sanggol, sila nga’y magiging ligaw na magpakailanman. Pero ang sanggol nga’y naging simpleng pamamaraan, o munting daan para sa kanila, na madala sila sa Panginoong Jesus, para sa kanilang kaligtasan. Pinasasalamatan Ka po namin, Ama. At ngayon ay mapagpala nawa sila.

349 Sila’y Iyong mga anak. Tinanggap Ka po nila. Sinabi Mo sa Iyong Salita, “Siya na dumirinig ng Aking mga Salita, at nananampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan at di na kailanman darating sa kahatulan.” Tinitingnan ko nga ang kabataang mag-asawa na ito rito, at nakikita ko mismo ang Liwanag na nasa ibabaw nila, habang paparoon ako sa dulo ng pila. At ang makita ang Liwanag na ito na nasa ibabaw ng kabataang mag-asawa na ito, naisip ko na mainam na ako’y makapangusap sa kanila, Ama. Hindi para iparinig sa mga narito, bagkus sa Iyo lamang. At ngayon ano po ’yun? Ikaw nga ito na humahatak sa kanilang mga puso, sa napaka importanteng sandali na ito. Oh Diyos, kami nga’y abot-abot ang pasasalamat na kami’y mga Cristiano.

350 Nagbibigkas kami ng mga pagpapala sa sanggol nilang ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kami'y dumudulog dahil sinabi 'yun ng Diyos, o sinabi 'yun ni Jesus, sa Kanyang Salita, "Inyo ngang hingin sa Ama ang anumang ibig n'yo, sa Kanyang Pangalan, Akin itong gagawin." At kaya naman hinihiling nga namin sa Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Kanyang Anak, na Kanyang pagpalain ang sanggol na ito. At nawa'y magdulot na ng pagbabago sa batang ito, sa susunod na dalawampu't apat na oras, na ang tatay at nanay ay di magkandamayaw ang kaligayahan at mapagkilala ang napangyari, na mapagkilala na ang kanilang Panginoong Jesus na bago nilang nasumpungan ay pinagagaling na ang kanilang sanggol. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Sinasaway ko ang mga gawa ng diyablo, ang mga pagkakasala'y naipahayag na. Ang tatay at nanay ay mga Cristiano na.

351 Ngayon, Satanas, wala ka nang karapatan pa. Tapos na ang lahat. Haya't, ginapi ka na namin sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo, na Siyang nagsabi sa amin na gawin ang ganito, at amin ka ngang pinalalayas mula sa batang ito.

352 At ngayon nawa'y magsimula nang lumago at lumaki nang tama, at—at maging normal at maayos ang lagay, at maging mainam na bata na maipagmamalaki ng tatay at nanay. Sa Pangalan ni Jesus ay iginagawad namin ang pagpapalang ito. Amen.

353 Mga Cristiano na kayo ngayon, kayong dalawa, kay Cristo. Antabayanan n'yo ang pagbabago sa inyong sanggol. At saan nga po pala kayo nakatira? [Sinasabi ng tatay at nanay, "Gary, Indiana."—Pat.] Gary, Indiana. Sulatan n'yo ako, o tawagan n'yo ako, sa loob—sa loob ng apat o limang araw. At makikita n'yo nga ang pagbabago na makikita n'yo sa sanggol, pag-uwi n'yo sa inyo!

Pasalamatan po natin ang Diyos para sa kahanga-hangang gawa na ito.

354 Dadako na ako hanggang sa dulo ng pila, at magsisimulang manalangin. Napapansin ko nga ang pahid na lubos na narito mismo ngayon. Makikita n'yo, mapapansin n'yo sa mga tao, at sa iba pa. Pero ginagawa ko lamang na pangalawahin 'yan, na puwedeng isantabi muna, kung maaari; katulad nung sa ginang kanina. Pero hayan nga na nakita ko Ito na nasa ibabaw nung mag-asawa na 'yun, at alerto nga akong nakaantabay kung nasaan nga ba Ito kanina. At naisip ko, "Hayun nga Ito, naroon sa mga taong 'yun."

355 Kaya, ngayon, mananalangin po tayo sa bawat isa rito. At bawat isa sa inyo ay maipapanalangin, hanggang sa . . . Loobin ng Diyos na ako'y mabuhay pa. At magsisimula po tayo rito at mananalangin, para makausad na tayo. Dadako tayo hanggang sa dulong ito ng pila.

356 Kapatid na Fleeman, nakapuwesto ka na ba . . . naayos mo na ba 'yang panig na 'yan para makausad na tayo?

357 Ngayon bababa po ako riyan at ipananalangin ang bawat isa at ang lahat. At gusto kong kapag natapos na sa inyo, ay magbunyi kayo, at pasalamatan ang Diyos para sa inyong kagalingan. Amen.

358 Sa mga narito, na taga-rito sa malapit, subaybayan n'yo po ang pagsasahimpapawid ni Kapatid na Neville, sa susunod na Sabado, mga bandang—bandang . . . para sa susunod na gawain sa Linggo, kung makabalik ako sa oras sa susunod na Linggo. Sige po. [Nananalangin si Kapatid na Branham para sa mga maysakit. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

*Ang Diyos Ay May Isang Daan Na Inihanda* TAG56-0108
(God Hath A Provided Way)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Enero 8, 1956 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org